
# HUGPUNGAN

KATUTUBONG KAALAMAN AT INTERDISIPLINARIDAD SA PANAHON NG KRISIS



# HUGPUNGAN

# HUGPUNGAN

KATUTUBONG KAALAMAN AT INTERDISIPLINARIDAD
SA PANAHON NG KRISIS

PUP CENTER FOR
PHILIPPINE STUDIES

2022

Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis

Karapatang-ari © PUP Center for Philippine Studies 2022

Nananatili ang karapatang-ari ng bawat sanaysay sa mga may-akda nito.
Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring sipiin o gamitin sa kahit anong pamamaraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda o sa tagapaglathala.

INILATHALA NG
PUP Center for Philippine Studies / Sentro sa Araling Pilipino
Polytechnic University of the Philippines
Mabini Campus, Anonas St.
Sta. Mesa, Manila, Philippines 1016
Telephone: 335-1777 loc. 744
Email: cps@pup.edu.ph
Website: www.pup.edu.ph/research/ricl

Katuwang ang
PUP Research Institute for Culture and Language
PUP Office of the Vice President for Research, Extension, Planning, and Development

Jomar G. Adaya
Joseph Reylan B. Viray
*Mga Editor*

Alondra Gayle T. Sulit
John Christian M. Agudera
*Mga Kawaksing Editor*

Disenyo ng pabalat ni Danilo P. Ellamil, Jr.
Disenyo ng aklat nina Danilo P. Ellamil, Jr. at Janperson D. Bajar
Likhang-sining sa pabalat mula kay Jun Cruz Reyes

THE NATIONAL LIBRARY OF THE PHILIPPINES CATALOGING-IN-PUBLICATION DATA

Recommended entry:

Hugpungan : katutubong kaalaman at interdisiplinaridad sa panahon ng krisis. — Manila : PUP Center for Philippine Studies, [2022], C2022.
pages ; cm

ISBN 978-621-96771-4-1 (pb/bp)
ISBN 978-621-96771-5-8 (pdf)

1. Filipino essays. 2. Literature and society. 3. Social Sciences — Philippines. 4. Politics and culture — Philippines. I. Title.

899.2114358 PL6058.4 2022 P220220295

# Talaan ng Nilalaman


vii *Paunang Salita*
**Ang PUP Center for Philippine Studies at ang Hugpungan 2021: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis**

x *Introduksyon*
**Hugpungan sa Araling Pilipino at Ilang Panimulang Tala sa mga Bakas ng Tradisyong Intelektuwal ng PUP**

1 **Saan ka Nanggaling? Saan ka Patutungo? Diyalektika ng Diwa at Praktika sa Neokolonyang Sitwasyon**
E. San Juan Jr.

25 **Philippine Studies at Anti-Imperyalismo para sa Ika-21 Siglo**
Karlo Mikhail I. Mongaya

50 **Araling Pilipino Laban sa Pagdidisiplinang Inter-Agency at Whole-Of-Nation**
Michael D. Pante

67 **Ang Araling Pangkasarian, Ang Ating Pagka-Pilipino at ang Philippine Studies**
Nancy Kimuell-Gabriel

119 **Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan**
Mark Joseph P. Santos

174 **Paglilinang sa *Araling Pangmanlalakbay* sa Diwa ng *Araling Kabanwahan*: Isang Panimulang Pagdalumat**
Axle Christien Tugano

258 **Pagpapasundayag sa Hulagway ni Dayang Kalangitan sa Manila Carnival Tungo sa Pasig Carnival**
Danim Majerano

279 **Kabihasa[n]an: Ang Transdisiplinaryong Gampanin ng Filipinolohiya sa Pagtataguyod ng isang "Epistemikong Pamayanan" sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP)**
Marvin M. Lobos

312 **Walang Tamad sa Quezon: Kaalamang Bayan sa Niyog mula sa Bugtong at Salawikain bilang Patunay na Hindi Tamad ang mga Pilipino**
Romeo Palustre Peña

327 **Ang Panitikan ng Rehiyon bilang Pambansang Panitikan**
Jun Cruz Reyes

343 **Talakayang Panel: Hinggil sa Philippine Studies ng mga Akademikong Institusyon**
Mary Jane Rodriguez-Tatel
Marvin G. Lai
Noel Christian A. Moratilla
Rowell D. Madula

381 **Tala sa mga Kontribyutor**

# Sarili, Kaugnay, Iba:
## Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan

**MARK JOSEPH P. SANTOS**
Centro Escolar University

### PANIMULA: EKSPOSISYON NG INTELEKTUWAL NA AMBAG NG MGA PILIPINONG PANTAS

Sa paglago ng anumang larangang akademiko, mahalaga ang pagsasagawa ng intelektuwal na kasaysayan na naglalatag ng mahahalagang ambag ng mga pantas na nangunguna sa kani-kanilang larangan. Sa pamamagitan kasi nito ay nasisiyasat ang estado ng larangan, ang mga pangunahing tema at paksang inaatupag sa loob nito, at ang mga posible nitong direksyon sa hinaharap. Paraan ito upang malaman kung ano sa mga teoretikal na hiblang pinasimulan ng mga akademikong ito ang marapat na tuntungan at ipagpatuloy, at ano ang mga puwang sa larangan na kailangan pang punan. Samakatuwid, ang pagbabalik-tanaw sa ambag ng mga pantas sa nakaraan ay daan tungo sa pagpapayabong ng larangan sa kasalukuyan.

Ito marahil ang dahilan kung bakit sa mga lipunang nagtataglay ng matatayog na tradisyong intelektuwal, pangkaraniwang gawain lamang ang

pagsusulat ng kasaysayang intelektuwal. Kaliwa't kanan ang produksyon nila ng mga tesis, disertasyon, aklat at artikulo na ang tuon ay ang eksposisyon sa kaisipan ng mga pantas ng kani-kanilang disiplina. Halimbawa, sa *festschrift* na alay sa teologong Amerikanong si D.A. Carson, binanggit ni Robert Yarbrough (2011, 333-337) na sa larangan ng teolohiya sa Europa (partikular sa Alemanya), nagkalat ang mga publikasyon na umiinog sa kaisipan ng kanilang mga tanyag na teologo tulad nina Rudolf Bultmann, Martin Dibelius, Walter Bauer, at iba pa.

Sa akademyang Pilipino, hindi gaanong napag-uukulan ng panahon ang ganitong gawain. Sa hanay ng mga akademiko sa Pilipinas, mas madalas na maglimbag ng mga akdang ukol sa kaisipan ng mga banyagang iskolar (tulad nina Marx, Freud, Durkheim, Foucault, Levi-Strauss, atbp.) kaysa mga Pilipinong pantas. Tila karaniwan nang taktika ng pagpapamangha sa mga tagapakinig ang pagsipi sa pangalan ng mga tanyag na Kanluraning iskolar. Mangilan-ngilan pa lamang sa Pilipinas ang umaatupag sa pagsasagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas. Sintomas marahil ito ng kolonyal na mentalidad nating mga Pilipino, na sanhi ng ating persepsyon na laging mas mahusay ang mga banyagang iskolar kaysa mga Pilipinong pantas, at samakatuwid ay mas dapat na pag-ukulan ng teoretisasyon ang kaisipan ng mga banyaga.[1] Sa kabutihang palad, sa pagdaan ng mga taon ay mapapansin ang unti-unting paglago ng literatura na may ganitong preokupasyon.

Sa larangan ng kasaysayan, nariyan ang mapanghawang akda ni Resil Mojares (2006) na *Brains of the Nation,* na patungkol sa ilang Pilipinong intelektuwal ng ikalabingsiyam na dantaon tulad nina Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, at Isabelo de los Reyes. Sinundan ito ng *Liberalism and the Postcolony* ni Lisandro Claudio (2017) na patungkol naman sa kaisipan ng mga intelektuwal noong ikadalawampung dantaon tulad nina Camilo Osias, Salvador Araneta, Carlos Romulo, at Salvador Lopez. Noong nakaraang taon ay inilimbag ang mistulang sikwel sa dalawang ito, ang *Children of the Postcolony* ni Charlie Samuya Veric (2020), na pagsisiyasat sa intelektuwal na pamana nina Edith Tiempo, Fernando Zobel, Bienvenido Lumbera, E. San Juan, at Jose Ma. Sison. Tila isang *trilogy* sa kasaysayang intelektuwal ng agham panlipunan sa Pilipinas ang tatlong

[1] Naipaliwanag ko na rin ang puntong ito sa Santos (2021).

ito. Samantala, ukol sa eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong historyador, isang mahalagang kontribusyon ang aklat ni Antonio Hila (2001) na *The Historicism of Teodoro Agoncillo.* Isang nasyonalistang historyador din ang naging tuon ng tesis masterado ni Francisco Jayme Guiang (2018) na "History as Social Criticism: The Development of Renato Constantino's Ideas Through an Analysis of Selected Works, 1940-1992." Ngunit bago pa man ang pagkakasulat ng tesis na ito ni Guiang, may ilan nang mga pagpapahalaga kay Constantino tulad na lamang ng isang *festschrift* na inilimbag para sa kanya noong 1989 ni Limqueco (1989), at isang intelektuwal na biograpiyang isinulat ukol sa kanya ni Rosalinda Pineda-Ofreneo (2001). Samantala, kung ang pag-uusapan naman ay pananaw pangkasaysayan ng isang Pilipinong intelektuwal noong ikalabingsiyam na dantaon, natatangi ang akda ni Portia Reyes (2011) ukol sa kaisipan ni Pedro Paterno.

Sa larangan ng pilosopiya, isa sa pinakamahalagang akda ay ang *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino,* disertasyon ni Emmanuel de Leon (2019) sa Unibersidad ng Sto. Tomas (UST), na inilimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino. Makasaysayan ang pagkakalimbag ng akdang ito noong 2019, dahil ito ang kauna-unahang aklat sa wikang Filipino na naglalatag sa intelektuwal na pamana ng mga Pilipinong pilosoper. Nakatuon ang kanyang akda sa eksposisyon ng kaisipan ng ilang pilosoper ng UST tulad nina Emerita Quito, Leonardo Mercado, Florentino Hornedo, Florentino Timbreza, Romualdo Abulad, at Alfredo Co. Liban sa aklat na ito, nagsulat din ng isang artikulo si de Leon (2015) na ukol naman sa pilosopiya ng pangunahing pilosoper ng Ateneo de Manila University (ADMU) na si Roque Ferriols. Ukol din kay Ferriols at sa mas malawak na larangan ng Pilosopiyang Pilipino sa ADMU ang naging paksa ng disertasyon ni Preciosa de Joya (2013) sa National University of Singapore. Noong 1997, isang pangkat ng mga Pilipinong pilosoper ang nagpahalaga kay Ferriols sa kanilang paglalathala ng *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* (Que at Rodriguez 1997). Ganito rin ang preokupasyon ni F.P.A Demeterio III, na siyang tumayong tagapayo ni de Leon sa kanyang pagsusulat ng disertasyon. Ang ginawa ni de Leon sa UST ay nauna nang ginawa noon ni Demeterio (2014) sa De La Salle University (DLSU), bagaman sa pamamagitan lamang ng isang artikulo, nang siyasatin niya ang pilosopiya ng ilang pilosoper ng DLSU gaya nina Quito, Timbreza,

Claro Ceniza, at Rolando Gripaldo. Sa isa namang artikulo nina Liwanag et al (2021), nagsagawa sila ng pagraranggo sa mga pinakamahahalagang Pilipinong pilosoper alinsunod sa ilang pamantayan (1. Batay sa isinagawang sarbey, 2. Batay sa bilang ng mga obrang nahagip ng *Google Scholar*, at 3. Batay sa *average citation* ng mga obra sa *Google Scholar*). Batay rito ay inilista nila at nagbigay sila ng kaunting tala ukol sa sampung pinakamahalagang Pilipinong pilosoper na sina Mercado, Constantino, Jose Rizal, Quito, Cesar Adib Majul, Hornedo, Abulad, Reynaldo Ileto, Zeus Salazar, at Apolinario Mabini. Liban kina de Leon at Demeterio, nariyan din si Gripaldo (1994; 1998), na sumuri naman sa pilosopiya ng rebolusyon ni Andres Bonifacio, at gayundin sa pulitikal na pilosopiya ni Manuel Quezon.

Sa larangan ng teolohiya, ang kauna-unahang aklat na nagsagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng ilang Pilipinong teologo ay si Rodrigo Tano (1981). Sa kanyang *Theology in the Philippine Setting*, na halaw sa kanyang disertasyon, itinampok niya ang teolohiya nina Carlos Abesamis, Catalino Arevalo, Edicio de la Torre, Emerito Nacpil, at Vitaliano Gorospe. Si Jose de Mesa at Melba Padilla Maggay naman ang isinalang ni Timoteo Gener (1998) sa isang eksposisyon sa kanyang tesis masterado. Yamang si de Mesa at Maggay ang dalawa sa pinakatanyag na tagapagsulong ng Teolohiyang Pilipino sa kontemporanyong panahon, silang dalawa rin ang naging tuon ni Andrea Roldan (2018) sa isa niyang artikulo. Sa kasalukuyan, ang pinakakomprehensibong publikasyon ukol sa kasaysayang intelektuwal ng Teolohiyang Pilipino ay ang *The Rise of Filipino Theology* nina Dindo Rei Tesoro at Joselito Alviar Jose (2004). Tatlumpu't anim na mga pantas ng Teolohiyang Pilipino ang itinampok dito ng mga may-akda (bagaman ilan sa mga ito ay mga banyagang nagpakadalubhasa sa Teolohiyang Pilipino tulad nina Lode Wostyn at Douglas Elwood). Ilan sa mga teologong Pilipino na napasama rito ay sina Tano, Leonardo Mercado, Dionisio Miranda, Jaime Bulatao, at Horacio de la Costa.

Sa larangan ng agham pampulitika, hindi matatawaran ang pagkakalimbag ng *Twentieth-Century Philippine Political Thinkers* na pinatnugutan ni Jorge Tigno (2018). Itinatampok dito ang mga ehemplong akda, kalakip ng mga komentaryo ukol sa kanilang pulitikal na kaisipan, ng ilang Pilipinong pantas tulad nila Maximo Kalaw, Onofre Corpuz, Pura Villanueva Kalaw, Ricardo Pascual, Remigio Agpalo, Felipe Agoncillo, Pedro Baldoria, Estrella Solidum, Cesar Adib Majul, Renato Constantino, Jose P.

Laurel, Claro M. Recto, at Jose Ma. Sison. Mahalaga rin sa larangan ng agham pampulitika ang ginawa ni Cesar Adib Majul (1960) na eksposisyon sa kaisipang pampulitika ni Apolinario Mabini sa kanyang *Mabini and the Philippine Revolution.*

Sa larangan ng sosyolohiya, hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ang eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong sosyolohista. Sa katunayan, isang banyaga pa ang nagsagawa ng kauna-unahang pagsusuri sa sosyolohikal na kaisipan ni Jose Rizal. Sa aklat nina Syed Farid Alatas at Vineeta Sinha (2017) na *Sociological Theory Beyond the Canon,* tinalakay ni Alatas ang sosyolohiya ni Rizal batay sa pananaw nito sa kolonyal na lipunan, at inihanay ang bayani sa listahan ng mga tanyag na sosyolohista tulad nina Karl Marx, Emile Durkheim, at Max Weber. Gayunman, may mangilan-ngilan pa rin namang mga artikulo sa sosyolohiya na nasa ganitong direksyon. Isa na rito ang akda ni Filomin Candaliza-Gutierrez (2012) na "Filipino Sociologist and Mentor", na patungkol sa buhay at kaisipan ni Ricardo Zarco.

Sa larangan ng panitikan, maaaring mabanggit ang *Patricia Melendrez-Cruz: Filipinong Pananaw sa Wika, Panitikan, at Kultura,* na pagpapahalaga nina Samson, Alcantara, Atienza, at Ocampo (1994) sa natatanging ambag ni Melendrez-Cruz sa panitikang Pilipino. Isa pang higanteng pigura sa panitikang Pilipino ang pinahalagahan sa katauhan ni Bienvenido Lumbera, nang ilimbag ang *Bien! A Festschrift in Honor of National Artist Bienvenido L. Lumbera* nina Bayot et al (2016). Ang katanyagan ni Lumbera sa larangan ng panitikan ang dahilan kung bakit ang kanyang pamanang intelektuwal ay makailang ulit na itinampok sa iba pang mga publikasyon (Veric 2006; Gimenez-Maceda et al 2020).

Ang ganitong gawain ng eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong intelektuwal ay mahalaga para sa higit na pagpapayabong ng kapantasang Pilipino. Tungo sa layuning ito, mahalaga na bumuo ng kasaysayang intelektuwal ng tinatawag na "Pilipinisasyon." Nais kong bigyan ng isang panukalang kahulugan ang Pilipinisasyon bilang masaklaw na taguri sa kalat-kalat na mga akademikong kilusan at proyektong panlipunan na nagtatangkang ipook ang mga disiplina/proyekto mula sa Kanluran tungo sa lipunan at kalinangang Pilipino. Sa paglalarawan ni Mary Jane Rodriguez-Tatel (2015, 141), ang Pilipinisasyon ay nakatuon sa:

Pilipino bilang paksa, Filipino bilang wika ng pananaliksik at talastasang akademiko, at higit sa lahat, 'may saysay para sa mga Pilipino.'

Nakapaloob sa Pilipinisasyon ang mga akademikong kilusan at mga panlipunang proyekto tulad ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, Pilosopiyang Pilipino, Teolohiyang Pilipino, Feminismong Babaylan, Araling Kabanwahan, at iba pa.[2] Nilalayon ng mga ito na isa-Filipino ang kani-kanilang disiplina/proyekto, sa aspekto ng paksa, teorya, pananaw, metodolohiya, at wika, upang maging makabuluhan sa konteksto ng lipunang Pilipino. Yamang mahalaga ang kasaysayang intelektwal sa pagpapayabong ng anumang larangan, esensyal ang gawain ng eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong pantas upang higit na mapayabong ang Pilipinisasyon, na daan naman sa pagpapaunlad ng kapantasang Pilipino. Sa aspektong ito layuning mag-ambag ng kasalukuyang pag-aaral na ito, sa pamamagitan ng pagsuri sa kaisipan ni Atoy Navarro, ang "Pangunahing Tagapagdalumat" ng Araling Kabanwahan, isang akademikong kilusan sa loob ng Pilipinisasyon.

Makabuluhan ang pagpili kay Navarro bilang paksa ng isang eksposisyon dahil sa dalawang kadahilanan.

Una, preokupasyon din mismo ni Navarro ang pagsasagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas. Sa katunayan, ang mga isinalang ni Navarro sa eksposisyon ay pawang mga pantas ding nakapaloob sa Pilipinisasyon tulad ni Zeus Salazar bilang ama ng Pantayong Pananaw (Navarro, Rodriguez at Villan 1997) at tagapangunang paham ng Araling Kabanwahan (Navarro 2015a), Virgilio Enriquez bilang ama ng Sikolohiyang Pilipino (2013a), at Nilo Ocampo bilang pangunahing haligi ng Bagong Kasaysayan (Navarro 2018). Liban sa tatlong ito, may isinulat din si Navarro bilang pagpapahalaga sa intelektuwal na pamana ni Reynaldo Ileto bilang paham sa Araling Timog Silangang Asya (Navarro at Elumbre 2012), at Cristina Torres bilang paham sa agham panlipunan, kalusugan at etika (Navarro 2019a). Mayroon din siyang maikling tala ukol kay Noel Teodoro bilang paham sa Nusantara (Navarro 2000d), at kay Rowena Reyes-Boquiren

---

[2] Liban sa mga ito, may pabugso-bugso ring manipestasyon ang Pilipinisasyon sa mga disiplina tulad ng pampublikong administrasyon, agham pampulitika, sosyolohiya, antropolohiya, at ekonomiks.

bilang pangulo ng ADHIKA (Navarro 2002). Samantala, sa *Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology*, nag-ambag si Navarro ng mga sanaysay-pagpapahalaga ukol kina Enriquez (Navarro 2013b) at Rogelia Pe-Pua (Navarro 2013c) na nasa wikang Ingles. Bagaman hindi eksplisito si Navarro sa pagpapaliwanag kung bakit isa sa mga preokupasyon niya ang ganitong gawain, tiyak na naniniwala siya sa halaga ng eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas para sa pagpapayabong ng kapantasang Pilipino.

Ikalawa, sa hanay ng mga tagapagsulong ng Araling Kabanwahan, si Navarro ang pinakaproduktibo, kung ang pagbabatayan ay ang bilang ng mga nailimbag na mga aklat at artikulo. Bagaman si Zeus Salazar ang maituturing na nagpasimula ng Araling Kabanwahan, mas maraming naisulat si Navarro ukol sa larangang ito. Ito'y sapagkat mas naituon ni Salazar ang kanyang panahon sa mga paksa na may kinalaman sa kasaysayan at kalinangang Pilipino (Santos 2019a, xviii). Mayroong mga naisulat si Salazar ukol sa Araling Kabanwahan, ngunit ang tuwirang teoretisasyon nito ay naiwan na sa balikat ng mga nakababatang tagapagsulong ng larangan. Sa grupong ito ng mga nakababatang tagapagsulong ng Araling Kabanwahan, si Navarro ang pinakamalay at desidido sa pagpapayabong ng larangan.

Bago ang aktuwal na eksposisyon sa kaisipan ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan, mainam na maglatag muna ng ilang tala ng pagpapakilala sa kanya.

## MAIKLING AKADEMIKONG TALAMBUHAY NI ATOY NAVARRO[3]

Ipinanganak noong Marso 9, 1975 sa Batangas City, Batangas si Arthur Macaraig "Atoy" Navarro. Ikalawa siya sa tatlong anak nina Arturo Aquino Navarro (yumao na) at Amelia Macaraig Navarro. Pumapagitna siya sa panganay na si Arlene Macaraig Navarro at sa bunsong si Anabel Navarro Manzano. Pumasok siya sa Divine Child Parochial School para sa kanyang primaryang edukasyon, at Saint Bridget's College para naman sa sekondaryang edukasyon, na parehong paaralang nasa Batangas (sa pagiging

[3] Karamihan sa mga datos na nasa bahaging ito ay hinalaw mula sa *Curriculum Vitae* ni Navarro, at sa aking personal na komunikasyon sa kanya sa pamamagitan ng *Facebook Messenger* noong Hulyo 20-24, at Agosto 1-2, 2021 (Navarro 2021e).

Batangeño ni Navarro maiuugat ang interes niya sa kasaysayang pampook ng Batangas kalaunan nang siya'y maging ganap nang historyador[4]). Dalawang taon lamang naglagi si Navarro sa Saint Bridget's College, dahil kinailangang lumipat sa Marikina mula Batangas ng kanyang pamilya para sa paghahanap ng mas magandang kabuhayan. Ipinagpatuloy niya ang kanyang hayskul sa National College of Business and Arts, kung saan siya nagtapos bilang balediktoryan noong 1992.

Pagpasok niya sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, kumuha siya ng programang BA History. Noong una, ang layunin niya lamang ay mag-aral ng kasaysayan bilang tungtungan upang makapag-abogasya siya kalaunan. At yamang natuklasan niya ang kanyang husay sa Araling Panlipunan noong nasa hayskul siya, kasaysayan ang lohikal na programang *pre-Law* para sa kanya. Ngunit natutunan din niyang mahalin ang kasaysayan kalaunan, lalo na noong mahirang siya bilang tagapangulo (1994-1995) ng UP Lipunang Pangkasaysayan (LIKAS), ang samahan ng mga mag-aaral ng kasaysayan sa unibersidad. Kaya pagkatapos niyang makamit ang 'di -gradwadong digri sa kasaysayan noong 1996 bilang *cum laude,* nagpatuloy siya sa pagkuha ng masterado sa kasaysayan sa parehong unibersidad.

Mula Dekada '70, dalawang daluyong ng nasyonalista/makabayang historiograpiya ang namayagpag sa UP, na nagkaroon ng tuwirang epekto sa pagkahubog ng kamalayan ni Navarro bilang isang mag-aaral ng kasaysayan. Sa pagbasa ni Resil Mojares sa pagbubuod ni Virginia Miralao (1999) sa estado ng agham panlipunan sa Pilipinas noong Dekada '70 at '80, napansin niya na sa mga panahong ito, ang dalawang pinakapumapaimbulog na tema sa agham panlipunan ay Marxismo at indihenisasyon (na isa pang taguri sa Pilipinisasyon) (Mojares 2017, 149). Sa disiplina ng kasaysayan, ang naging manipestasyon ng dalawang ito ay ang Marxistang historiograpiya ni Renato Constantino at Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar. Sa aking pakikipanayam kay Navarro, nabanggit niya na ilan sa mga pinakanakaimpluwensya sa kanyang kaisipan ay ang dalawang historyador na ito. Sa kanyang sariling paglalarawan (Navarro 2021e):

---

[4] Ang interes na ito ay makikita sa ilan niyang publikasyon (Navarro 2015e; 1997a; 1997c). Liban dito, mayroon din siyang ilang panayam sa mga kumperensya na nakatuon sa Himagsikang Pilipino sa Batangas, Digmaang Pilipino-Amerikano sa Batangas, at ilang mga natatanging bayani ng Batangas.

> Kung nasa akademya ka, ang pagkakakilala mo sa akin ay bilang Pantayong Pananaw/SP/Pilipinisasyon proponent pero kung lubog ka sa aktibismo sa UP, mas kilala ako bilang tagapagdalumat ng progresibong multi-perspektibong aktibismo (PMPA) na framework ng iba't ibang student political formation sa iba't ibang unit ng UP.

Unang pagkakataon niyang natuklasan ang dalawang nasyonalistang historiograpiya na ito noong maging guro niya si Francis Gealogo sa kursong Kasaysayan 1. Sa kanilang klase, ilan sa mga tekstong ipinabasa sa kanila ay mga akda ni Constantino at mga babasahin ukol sa Pantayong Pananaw. Gayunman, mas nauna umano siyang naging sosyalista kaysa tagapagsulong ng Pantayong Pananaw. Naging guro niya mismo si Constantino bandang 1995-1998 nang mag-*sit-in* siya sa isang kurso nito sa masterado. Nagkaroon din siya ng pagkakataon na maging reaktor sa isang panayam ni Constantino (1996) ukol sa Himagsikang 1896. Bukod kay Constantino, malaki rin ang naging impluwensya sa kanya ng isa pang sosyalistang propesor ng kasaysayan sa UP na si Dante Ambrosio. Bukod sa pareho silang interesado sa Kaliwa at sa kasaysayan ng Pilipinas, naging malapit si Navarro kay Ambrosio dahil nagsilbi siya bilang *research assistant* nito sa isang proyekto ng UP Center for Integrative and Development Studies noong 1996 (Navarro 2021e). Naging aktibo si Navarro sa pakikilahok sa mga kilos-protesta at pagiging gurong tagapayo sa mga progresibong organisasyon sa loob ng UP. Ilan sa mga organisasyong ito ay ang BUKLOD CSSP, SANLAKAS Youth UPD, AKBAYAN! Youth, at UP ALYANSA. Kalaunan ay naging kasapi siya ng AKBAYAN! Citizen's Action Party.[5] Nang minsan siyang mai-*redtag* ng ilang tagasuporta ni Rodrigo Duterte, tumugon siya na (Navarro 2021c):

> Hindi naman sikreto yan!  Unapologetic left talaga ako (na umaasa pa rin sa pagkakaisa ng lahat ng puwersang Kaliwa sa Pilipinas).

Bagaman implisitong salalayan ang sosyalismo ng marami sa kanyang mga akademikong produksyon, mas eksplisito ang Pilipinisasyon, partikular ang Pantayong Pananaw, sa kanyang mga isinusulat. Aniya, nakilala niya si Salazar sa UP LIKAS noong nasa ikalawang taon siya sa kolehiyo. Mga estudyante sa ikaapat na taon ang kadalasang kumukuha ng kursong

[5] Magkasamang nagsulat si Navarro at Elumbre (2011) ng isang artikulo ukol sa AKABAYAN!

historiograpiya para sa pagsusulat ng tesis, ngunit nasa ikatlong taon pa lamang si Navarro ay kinuha na niya ang kursong ito sa ilalim ni Salazar noong 1994-1995. Paliwanag niya (Navarro 2021e):

> Third year ako nag-tesis. So yung batch ko sa tesis, mga 4th year. May reputasyon kasi sa UP si Dr. Salazar na iniincomplete niya ang mga estudyante. Madalas buong klase. Kaya madalas walang gumagradweyt on time kasi may incomplete. Kaya inutakan ko si Dr. Salazar, pumasok ako sa tesis noong Third year para kahit iincomplete niya ako, may Fourth year pa ako. Kilala na niya ako noon kasi Tagapangulo ako ng UP LIKAS noong Third year ako.

Ang klase sa historiograpiya ni Salazar ay nahahati sa dalawang kurso (Kasaysayan 199.1 at Kasaysayan 199.2), na kinukuha ng mga mag-aaral sa loob ng isang buong akademikong taon (Navarro 1997b, 173). Kalimitang ang tesis na pinapagawa ni Salazar ay isang buong aklat na kolektibong isinusulat ng buong klase, kung saan siya ang naggagawad ng kanilang magiging paksa. Noong Dekada ’90, ang paksang ibinigay ni Salazar sa mga klase sa bawat taon ay kasaysayang lokal ng mga bayan sa Kalakhang Maynila, na naging sangkot sa Himagsikang 1896. Ilan sa mga bayang naging paksa ng mga tesis sa ilalim ni Salazar noong Dekada ’90 ay ang mga sumusunod: Lunsod ng Quezon (1989-1990), Makati (1990-1991), San Juan (1991-1992), Marikina (1992-1993), Kalookan (1994-1995) at Mandaluyong (1995-1996). Ito ay bilang pagdiriwang sa sentenaryo ng Himagsikang Pilipino, yamang ang mga bayang ito ang nagsilbing mga muog ng Katipunan noon (Navarro 1997b, 178). Ang naiatas na paksa sa klase nina Navarro para sa kanilang tesis ay ang kasaysayang lokal ng Kalookan. Hinati sa iba’t ibang yugto ang kasaysayang lokal ng Kalookan, at bawat isang yugto ay iniatas ni Salazar na isulat ng isang grupo, na binubuo ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral. Ani Navarro, sa kanyang pagkakaalala ay yugtong 1961-1975 ang napunta sa kanyang grupo (mula sa pagkalunsod ng Kalookan hanggang sa pagkabuo ng Kalakhang Maynila).

Mula rito ay unti-unti nang lumalim ang kaugnayan ni Navarro kay Salazar, at ang kanyang kaalaman ukol sa Pantayong Pananaw. Pagtungtong ni Navarro sa kanyang ikaapat na taon sa kolehiyo, isinali siya ni Salazar sa proyektong *Talaarawan 1996* (Salazar, Yulo at Navarro 1995), isang pagtatala sa araw-araw na kaganapan sa Himagsikang 1896 (para sa

pagdiriwang ng sentenaryo nito). Ito ang kauna-unahang aklat na nailimbag ni Navarro. Sa sumunod na taon ay muli siyang isinama ni Salazar sa pagsulat ng sikwel ng aklat na ito, ang *Talaarawan 1997* (Salazar, Yulo at Navarro 1996), na pagtatala naman sa mga kaganapan ng himagsikan noong 1897. Noong kasalukuyan siyang gradwadong mag-aaral ng masterado sa kasaysayan, pinatnugutan niya ang *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan* (Navarro, Rodriguez, at Villan 1997), na kauna-unahang nailimbag na aklat ukol sa Pantayong Pananaw. Mula noon, sunod-sunod na ang mga publikasyon ni Navarro ukol sa Pantayong Pananaw, na dahilan ng pagkakilala sa kanya sa akademya bilang isa sa mga pangunahing proponente ng eskwelang historiograpikal na ito. Ilan sa mahahalaga niyang akda ukol sa Pantayong Pananaw ay *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan* (Navarro 2000c); *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw* (Navarro at Lagbao-Bolante 2007); at *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar* (Navarro, Rodriguez-Tatel, at Villan 2015).

Habang nag-aaral siya ng MA History sa UP Diliman, samot-saring yunit sa UP ang kanyang pinagturuan bilang guro ng kasaysayan, tulad ng UP Los Baños (1996-1997), UP Diliman (1997-2002), UP Open University (2001-2004), at UP Manila (2003-2007). Ilan sa mga naituro niyang kurso sa UP ay Kasaysayan ng Pilipinas, Buhay at mga Gawa ni Rizal, Pamilyang Pilipino, Nasyonalismong Pilipino, Kontemporaryong Pilipinas, Kolonyal na Pilipinas, Kontemporaryong Asya, Asya at ang Daigdig, Agham Panlipunan, at Araling Pang-erya. Sa labas ng UP, ang kanyang napagturuang pamantasan ay ang MAPUA Institute of Technology sa Makati. Nagtrabaho rin siya bilang mananaliksik sa mga institusyon tulad ng UP Center for Integrative Development Studies (UP-CIDS), Philippine Nonprofit Sector Project ng UP Center for Leadership Citizenship, and Democracy (PNSP ng UP-CLCD), at Development RoundTable Series (DRTS). Sa gitna ng mga kaabalahang ito bilang guro at mananaliksik, nagsilbi rin siyang pinuno sa iba't ibang akademikong organisasyon tulad ng Limbagang Pangkasaysayan (ehekutibong direktor), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (pambansang kalihim), Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (pambansang kalihim), at Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (kasapi ng lupon).

Taong 2002 ay umalis si Navarro sa pagtuturo sa UP Diliman, at itinigil niya rin ang pag-aaral ng masterado rito noong 2004. Dulot ng pulitika sa ideolohiya at ilang personal na hidwaan, marami sa mga nakababatang proponente ng Pantayong Pananaw ang tinanggal/umalis sa UP Departamento ng Kasaysayan at lumipat sa ibang institusyon tulad nina Nancy Kimuell-Gabriel, Mary Jane Rodriguez-Tatel, Carlos Tatel, at Ma. Florina Orillos-Juan (Santos 2019b, 67). Isa si Navarro sa pangkat na ito na tinanggal/umalis sa Departamento.

Isang mahalagang transisyon sa akademikong paglalakbay ni Navarro ang pagkakapadpad niya sa Thailand noong 2007. Nagsimula ito noong nanaliksik siya ukol sa pagkalalaki sa konteksto ng pagkataong Pilipino, sa ilalim ng Southeast Asian Consortium on Gender, Sexuality, and Health (SeaConsortium), na nakabase sa Mahidol University, Nakhom Pathom, Thailand mula 2007 hanggang 2008.[6] Simula 2008 naman ay nagsimula siyang magtrabaho bilang *research fellow,* at kalauna'y bilang *project manager* sa Forum for Ethical Review Committees in Asia and the Western Pacific Region (FERCAP). Ang FERCAP ay isang proyekto ng World Health Organization (WHO)-Special Programme on Tropical Diseases Research and Training (TDR), na nakabase sa Thammasat University, Rangsit, Pathumthani, Thailand (Navarro 2019c, 16). Ang pangunahing tuon ng kanyang trabaho sa FERCAP ay etika ng pananaliksik pangkalusugan sa Asya-Pasipiko. Sa pagbabalik-tanaw ni Navarro, ibinahagi niya na malaki ang naiambag ng pagkakapadpad niya sa Thailand sa kanyang pagpapahalaga sa Araling Kabanwahan. Paliwanag niya (Navarro, 2019c, 14):

> Bagama't dalawang dekada ko nang dinadalumat ang Araling Kabanwahan at ang kahayagan nito bilang larangan ng Bagong Kasaysayan na binansagang Kasaysayang Kabanwahan, higit ko itong napagtuunan ng pansin nang magtungo ako sa Thailand para magtrabaho at mag-aral. Bilang pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga kaugnay na bayan at/o ibang bayan o kabihasnan sa loob ng talastasang Pilipino, naging makabuluhan ang Araling Kabanwahan para sa akin bilang Pilipinong nagtatrabaho at nag-aaral sa Thailand.

[6] Nagbunga ang pananaliksik na ito ng papel na nailimbag kalaunan bilang Navarro at Elumbre 2019.

Kung tutuusin, ang interes ni Navarro sa pag-aaral sa ibang kabihasnan ay nagsimulang maipunla sa kanya noong nag-aaral pa siya sa UP. Ilan sa mga pantas na nakaimpluwensya sa kanya ukol dito ay sina Napoleon Casambre (guro niya sa Kasaysayan ng Silangang Asya, partikular sa Kasaysayan ng Tsina, at ilang piling paksain sa Kasaysayang Asyano), Bonifacio Salamanca (guro niya sa Kasaysayang Diplomatiko), Noel Teodoro (guro niya sa Kasaysayan ng Timog Silangang Asya), Leslie Bauzon (guro niya sa Kasaysayan ng Latina Amerika), at Zeus Salazar (guro niya sa Kasaysayan ng Rusya). Ang naipunlang interes na ito sa kanya ay higit na lumago nang magsimula siyang magtrabaho sa FERCAP, lalo na dahil ang kanyang responsibilidad rito ay nagdala sa kanya sa iba't ibang bansa/banwa tulad ng Bhutan, China, India, Indonesia, Japan, Malaysia, Pilipinas, South Korea, Sri Lanka, at Taiwan (Navarro 2019c, 15). Habang nagtatrabaho bilang *research fellow/project manager* ng FERCAP ay nagturo rin si Navarro bilang lektyurer sa Mahidol University (Bangkok) mula 2014 hanggang 2020, at Thammasat University (Pathumthani) mula 2014 hanggang sa kasalukuyan (2021), kung saan humawak siya ng mga kursong may kinalaman sa etika ng pananaliksik at publikasyon. Sa gitna ng mga kaabalahang ito ay ipinagpatuloy rin ni Navarro ang kanyang gradwadong pag-aaral sa ibayong dagat. Noong 2009 ay nagtapos siya ng Diploma in Product Research and Development for Public Health Needs sa Nagasaki University, Japan. Sa kasalukuyan ay tinatapos niya ang kanyang PhD in Bioclinical Sciences sa Chulabhorn International College of Medicine ng Thammasat University.

Kahit labing-apat na taon nang bahagi ng *diaspora,* patuloy si Navarro sa pakikilahok sa mga gawaing akademiko sa Pilipinas tulad ng paglalathala ng mga artikulo't aklat at pagsasalita sa mga sampaksaan. Ito marahil ang isa sa mga pinakamalaking kaibahan ni Navarro sa maraming Pilipinong intelektuwal na nasa ibayong dagat. Marami sa mga Pilipinong intelektuwal sa ibang bansa ay nababaling ang atensyon sa paglalathala sa mga internasyunal na limbagan, kaya mayorya sa kanilang mga sulatin ay nasa Ingles. Kadalasang nagsusulat sila ukol sa Pilipinas sa wikang Ingles, kaya nagbibigay-daan ang kanilang mga pananaliksik upang maunawaan ng mga banyaga ang mga Pilipino (pangkaming pananaw). Taliwas dito, bagaman nasa ibang bansa, patuloy sa pakikipagtalastasan sa mga kapwa Pilipino ni Navarro. Kung ang ibang nasa *diaspora* ay nagsusulat ukol sa Pilipinas sa

wikang Ingles upang makausap ang mga banyaga, nagsusulat naman si Navarro sa wikang Filipino upang makipagtalastasan sa mga kapwa Pilipino ukol sa ibang bansa (pansilang pananaw), at siyempre ay ukol din sa sariling bansa (pantayong pananaw). Si Navarro ang isa sa mga testamento na posible ang patuloy na pagkakapook sa wika-at-kalinangan ng bayan kahit pa malayo ang intelektuwal sa sarili niyang bayan.

Sa katunayan, sa kabuuang 20 na isinulat/pinatnugutang aklat ni Navarro mula 1995 hanggang 2021, 4 lamang ang nakasulat sa Ingles. Sa kanyang 12 na isinulat/pinatnugutang monograp at manwal, 1 lamang ang nasa Ingles. Sa kabuuan namang 81 na mga artikulo sa mga dyornal at kabanata sa mga aklat ni Navarro, 15 lamang ang nakasulat sa wikang Ingles. Sa kabuuang 20 akdang ito ni Navarro sa wikang Ingles, 6 ay kailangan niya talagang isulat sa Ingles bilang bahagi ng kanyang trabaho sa FERCAP. Sa nalalabing 14 akda ni Navarro na nasa Ingles at walang kaugnayan sa FERCAP, 4 ay orihinal na isinulat ni Navarro sa Filipino at isinalin lamang niya o ng ibang tao sa Ingles.

Ngunit siyempre sakripisyo para kay Navarro ang patuloy na pagsusulat sa wikang Filipino habang nasa ibayong dagat, dahil lagpas na ito sa kanyang trabaho sa FERCAP, na kanyang pangunahing ikinabubuhay bilang propesyunal. Kung tutuusin, kung tutulad lamang siya sa ibang akademikong nasa *diaspora*, maaari naman na ituon niya na lamang ang kanyang panahon sa mga karagdagang ikabubuhay, o pagsusulat ng mga proyekto sa wikang Ingles sa mga banyagang palimbagan na may mas malaking pinansyal na balik (kumpara sa paglilimbag sa Pilipinas na kadalasa'y mapapakinabangan lamang ng mananaliksik sa promosyon sa trabaho matapos ang ilang taong paghihintay). Nagpapakita ito na ang patuloy na pagsusulat sa Filipino, kahit pa nasa ibang bansa, para sa pagpapayabong ng talastasang bayan ay isang paninindigan, na minsa'y kapalit ng mas maginhawa sanang gitnang uring pamumuhay.

Samantala, bilang historyador, samot-saring larangan ang nilahukan ni Navarro. Isa na rito ang kasaysayang pampook. Pinatnugutan niya ang isang aklat na komprehensibong tumatalakay sa teorya at praktika ng kasaysayang pampook (Navarro, Orillos-Juan, Reguindin at Elumbre 2012). Tulad ng nabanggit nang mga isinulat niya ukol sa Batangas, nakapagsulat siya ng mga aktuwal na aplikasyon ng kasaysayang pampook sa iba pang

mga lokalidad tulad na lamang ng Tayabas (Palad at Navarro 1998). Patnugot din siya ng serye ng mga monograp ukol sa Araling Pasig, na kinabibilangan ng akda nina Wensley Reyes (2021) at Nestor Castro (2021).

Isa pang larangan sa loob ng Bagong Kasaysayan na napag-ukulan ng pansin ni Navarro ay ang kasaysayang kababaihan. Ilan sa mga akda niyang nakasentro sa paksang ito ay ang “Kabayanihan ng Kababaihan sa Kolorum at Sakdal” (Navarro 2010), “Kabayanihan ng Kababaihan sa HUKBALAHAP at HMB” (Navarro at Jose 2010), “Kabayanihan ng Kababaihan sa Kilusang Bayan (1896-1935)” (Navarro 1998), at “Asintada: Kababaihan, Kasaysayan, at Panulaan sa Ngalan ng Ina” (Navarro 2000a). Ang diin ni Navarro sa ganitong paksa ay hindi nakapagtataka dahil sa kanyang paninindigang feminista. Ukol sa mga nakaimpluwensya sa kanyang kamalayang pangkasarian, ibinahagi niya ang mga sumusunod (Navarro 2021e):

> Dr. Lilia Quindoza-Santiago (LQS). Kung may bahid man ako ng feminismo sa katawan, malamang dahil sa kanya yun. Marami akong naging gurong feminista (Charie Lucero, Albina Pecson-Fernandez, Malou Camagay, Mila Guerrero, etc.) pero si LQS lang talaga ang ginamit ko sa mga sinusulat ko, bukod syempre sa mga kontemporaryo ko na (Nak [Kimuell-Gabriel], Jane [Rodriguez-Tatel], Doti [Jose], etc.).

Naging preokupasyon din ni Navarro ang pagsusulat ukol sa kasaysayang buhay. Ilan sa mga pigurang pangkasaysayan na isinalang ni Navarro sa pananalambuhay ay sina Apolinario dela Cruz (Navarro, Diestro, at Palad 2001), Gregoria de Jesus (Navarro at Jose 2014), Espiridiona Bonifacio (Navarro at Elumbre 2014), at Marina Dizon (Navarro at Braganza 2017). Mapapansin na karamihan sa mga nabanggit ay mga babae, na nagpapakita kung paanong nagkakasala-salabid ang mga paksang inaatupag ni Navarro sa kanyang mga lathalain (sa kasong ito, interseksyon ng kasaysayang buhay at kasaysayang kababaihan). Mayroon din siyang mga akda kung saan nagkakatagpo naman ang kasaysayang buhay at kasaysayang pampook, tulad halimbawa ng artikulo niya ukol kay Briccio Pantas ng Batangas (Navarro 2015e).

Liban sa mga nabanggit, samot-saring mga paksa pa ang nilahukan ni Navarro sa pamamagitan ng kanyang mga publikasyon tulad ng araling pangkalusugan (Navarro 2019b), panitikan (Navarro, Guillermo, at Rodriguez 1998), wika (Navarro 2000b), sikolohiya (Navarro, Petras, at

Ujano-Batangan 2013; Navarro at Aguirre 2017), at iba pa. Ukol sa sikolohiya, masugid na tagapagsulong din si Navarro ng Sikolohiyang Pilipino, partikular na ng sublarangan nitong Kros-Katutubong Sikolohiya.[7] Ayon kay Enriquez (1982, 122-124), tumutukoy ito sa isang uri ng sikolohiya na kung saan pinagtatagpo-tagpo ang mga katutubong sikolohiya ng iba't ibang kalinangan sa daigdig, tungo sa pagbubuo ng tunay na unibersal na sikolohiya (na iba sa Kanluraning sikolohiyang nagbabalatkayong unibersal). Para kay Navarro, ang Kros-Katutubong Sikolohiya sa Sikolohiyang Pilipino ang maituturing na katumbas ng Araling Kabanwahan sa Bagong Kasaysayan. Paliwanag niya (Navarro 2021e):

> Sa katunayan, tinitingnan kong Araling Kabanwahan ang Kros-Katutubong Sikolohiya—ito ang artikulasyon ng Araling Kabanwahan sa larangan ng Sikolohiya kung tinatalastas ito sa wikang Filipino. Ito ang Sikolohiyang Kabanwahan.

Sa ganitong lawak ng kapantasan ni Navarro, maigigiit na sa hanay ng mga historyador ng Bagong Kasaysayan, isa si Navarro sa pinakaprolipikong manunulat. Sa ibaba ay makikita ang isang talahanayan na nagpapalamas ng lawak ng akademikong produksyon ni Navarro bilang intelektuwal mula nang magsimula siyang maglimbag noong 1995.

[7] Isa sa mga pagpupunyagi ni Navarro sa direksyong ito ay ang pamamatnugot niya ng akda ni Rogelia Pe-Pua (2005). Kamakailan ay sinipi rin ni Pe-Pua (2020, 216-217) sa isang publikasyon ang pananaw ni Navarro sa Kros-Katutubong Sikolohiya.

**TALAHANAYAN 1**
**Bilang ng Taunang Akademikong Produksyon ni Navarro**

| Taon | Isinulat/ Pinatnugutang Aklat | Pinatnugutang Isyu ng Dyornal | Isinulat/ Pinatnugutang Manwal/ Monograp | Kabanata/ Artikulo sa mga Aklat, Dyornal at Manwal | Artikulo sa mga Magasin, Peryodiko, at mga Bahay-Dagitab | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 2021 | 2 | | 2 | 5 | | 9 |
| 2020 | 1 | | 1 | | | 2 |
| 2019 | 1 | | 1 | 5 | | 7 |
| 2018 | | 1 | | 2 | | 3 |
| 2017 | 1 | 1 | | 3 | | 5 |
| 2016 | | | | | | |
| 2015 | 1 | 1 | 1 | 8 | | 11 |
| 2014 | | | | 2 | | 2 |
| 2013 | | 1 | | 5 | | 6 |
| 2012 | 1 | 1 | | 9 | | 11 |
| 2011 | 2 | | | 3 | | 5 |
| 2010 | 2 | | | 4 | 3 | 9 |
| 2009 | | | | 2 | 1 | 3 |

| Taon | Isinulat/ Pinatnugutang Aklat | Pinatnugutang Isyu ng Dyornal | Isinulat/ Pinatnugutang Manwal/ Monograp | Kabanata/ Artikulo sa mga Aklat, Dyornal at Manwal | Artikulo sa mga Magasin, Peryodiko, at mga Bahay-Dagitab | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 2008 | 1 | | | 4 | 5 | 10 |
| 2007 | 1 | | 4 | 1 | | 6 |
| 2006 | | | | | 1 | 1 |
| 2005 | | | | 1 | 4 | 5 |
| 2004 | 1 | | | 2 | 7 | 10 |
| 2003 | | | | | 1 | 1 |
| 2002 | | | | | 2 | 2 |
| 2001 | 1 | | | 4 | 2 | 7 |
| 2000 | | | 2 | 2 | 2 | 6 |
| 1999 | | | | 3 | 2 | 5 |
| 1998 | 2 | | 1 | 11 | 24 | 38 |
| 1997 | 1 | | | 4 | 15 | 20 |
| 1996 | 1 | | | | 3 | 4 |
| 1995 | 1 | | | 1 | | 2 |
| Kabuuan | 20 | 5 | 12 | 81 | 72 | 190 |

## EKSPOSISYON SA KAPANTASAN NI ATOY NAVARRO SA ARALING KABANWAHAN

Napapanahon ang eksposisyon ukol sa isang pangunahing pantas ng Araling Kabanwahan, lalo pa dahil ikatlong dekadang anibersaryo ng proyektong ito noong nakaraang taon (1990-2020). Ayon sa pagsasakasaysayan ni Navarro (2019d) sa Araling Kabanwahan, maiuugat sa taong 1990 ang ganap na kapanganakan ng Araling Kabanwahan. Ito ang taon kung kailan inatasan ni Zeus Salazar, bilang Dekano ng Dalubhasaan sa Agham Panlipunan at Pilosopiya, si Clemen Aquino na buuin ang isang komite na tututok sa pag-aaral sa mga erya sa labas ng Pilipinas. Pinangalanan nila ang organisasyong ito na "Lupon ng Araling Pang-erya." Kalaunan, nagpasya si Salazar at Aquino na palitan ang katawagang "Araling Pang-erya" at gawing "Araling Kabanwahan." Ang "kabanwahan" ay maramihang anyo ng salitang-ugat na "banwa" o "banua". Ito ay isa sa tatlong salitang pinakalaganap sa buong Pilipinas na tumutukoy sa isang grupo ng mga tao. Ang banwa/banua na laganap sa katimugang bahagi ng Pilipinas ay katumbas ng "ili" na laganap sa Hilagang Luzon, at "bayan" na laganap naman sa Katagalugan (Rodriguez-Tatel 2020, 3). Laganap sa buong mundong Malayo at Melano-Polynesiano ang konseptong ito ng banua, sa anyo ng iba't ibang kogneyt nito tulad ng wanua (Indonesia), whenua (Maori), vanua (Fiji), fanua (Samoa), at henua (Rapa Nui) (Salazar 2006, 2). Yamang ito ang pinakamalaganap na salitang Pilipino sa mundong Austronesyano, ito ang pinili ni Salazar na taguri sa lahat ng bayan sa labas ng Pilipinas, at samakatuwid, ang naging batayan ng Araling Kabanwahan bilang pag-aaral ng ibang bayan. Kaya naman, ang pagpapalit ng pangalan ng lupon mula Araling Pang-erya tungong Araling Kabanwahan ay senyales ng pagpapalit ng pananaw: na ang mga dalumat na gagamitin sa pag-aaral ng ibang bayan/banwa ay dapat na nagmumula sa kalinangang Pilipino upang maging makabuluhan para sa mga Pilipino (Navarro 2012a). Ang panimulang pagdadalumat ni Salazar sa larangang ito, sa pamamagitan ng Pilipinong konsepto ng banwa, ang dahilan kung bakit binansagan siya ni Navarro (2015a) bilang "Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan." Bilang nagpasimuno ng Araling Kabanwahan, ganito niya pinapakahulugan ang larangang ito (Salazar 2006, 166):

> [A]gham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa

> mga bansa't ibang etnisidad sosyo-pulitikal… na ang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin ang mga kapwa-bansa… kumpara sa mga di-kapwa o iba pa nga't mga bansa.

Sa ganang kay Navarro (2015c, 104) naman, sa ganitong paraan niya binibigyang-kahulugan ang Araling Kabanwahan bilang isang larangan:


> Tumutukoy ang Araling Kabanwahan sa pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga kaugnay na bayan o kabihasnan at/o ibang bayan o kabihasnan sa loob ng talastasang Pilipino, samakatwid, nakasandig sa talastasang bayan sa sariling wika.

Bagaman malapit ang pagkakahawig ng kanilang pagpapakahulugan, may dalawang pangunahing pagkakaiba ang mga ito. Ang unang pagkakaiba ay mayroong kinalaman sa kung sino ang katalastasan ng mga Pilipino sa Araling Kabanwahan. Para kay Salazar, parehong nakapaloob sa Araling Kabanwahan ang pakikipagtalastasan ng mga Pilipino sa mga kapwa Pilipino, at ang pakikipagtalastasan ng mga Pilipino sa ibang bansa. Ngunit para kay Navarro (2012a, 6), ang tanging nakapailalim sa Araling Kabanwahan ay ang pag-aaral sa ibang kalinangan sa konteksto ng pakikipagtalastasan sa sariling kabihasnan sa wikang Filipino. Samakatuwid, hindi saklaw ng Araling Kabanwahan ang pakikipagtalastasan sa ibang kalinangan sa pananaw ni Navarro.

Ang ikalawang pagkakaiba sa pakahulugan nina Salazar at Navarro sa Araling Kabanwahan ay umiinog sa magkaiba nilang pananaw sa dalumat ng kapwa at iba. Sa pormulasyon ng "trikotomiya" ni Salazar, ang mga bansa ay mahahati sa kategorya ng sarili, kapwa, at iba. Ang sarili ay ang Pilipinas. Ang mga bansang nasa labas ng Pilipinas ay maaaring ituring bilang kapwa o iba. Kapwa ang tawag ni Salazar sa mga bansang may malalim na pangkalinangang kaugnayan sa Pilipinas. Maaari pang hatiin ang kategoryang ito sa dalawang uri: malapit na kapwa at malayong kapwa. Ang malapit na kapwa ay tumutukoy sa mga kalinangan na pinakamahigpit ang pagkakaugnay sa kalinangang Pilipino tulad ng Indonesia at Malaysia, na kasama ng Pilipinas ay kolektibong bumubuo sa mundong Pan-Malayo. Ang mga bansa naman sa Melanesia, Polynesia, at Micronesia ay itinuturing ni Salazar na malayong kapwa. Bagaman nasa labas sila ng mundong Pan-

Malayo, kapwa pa rin sila dahil kahanay sila ng mga Pilipino sa pagiging Austronesyano. Samantala, lahat naman ng mga kalinangan na nasa labas ng mundong Austronesyano ay tinatawag ni Salazar na iba. Ilang halimbawa nito ang mga Kanluraning sumakop sa Pilipinas tulad ng Espanya at Estados Unidos, gayundin ang mga bansang Asyano tulad ng Tsina at India. Tinataguirian sila ni Salazar na iba dahil wala silang malalim na pangkalinangang kaugnayan sa Pilipinas sa mahabang kasaysayang prekolonyal nito. Mamamalas sa ibaba ang aking payak na ilustrasyon sa trikotomiyang ito ni Salazar:[8]

**Ang Trikotomiya ng Sarili, Kapwa at Iba ni Zeus Salazar**



(Santos 2020)

Ang pormulasyong ito ni Salazar ay may bahagyang pagkakaiba sa bersyon ng trikotomiya ni Navarro. Sa trikotomiya ni Salazar, permanente ang designasyon sa mga bansa bilang kapwa o iba. Malinaw ang pagkakahati sa pagitan ng mga bansang may malalim na kaugnayang pangkalinangan sa Pilipinas tulad ng Malaysia at Madagascar (kapwa), at mga bansang walang malalim na kaugnayang pangkalinangan sa Pilipinas tulad ng Tsina at Estados Unidos (iba). Samantala, sa trikotomiya ni Navarro ng sarili, kaugnay at iba (mas madalas gamitin ni Navarro sa mga sulatin niya ang "kaugnay" sa halip na "kapwa", ngunit magkatumbas lamang ang pakahulugan niya sa dalawang ito), mas arbitraryo at kontekstuwal ang paggamit sa kapwa/kaugnay at iba. Halimbawa, kung ang pag-uusapan ay pagiging Pan-Malayo, magkaugnay/magkapwa ang Pilipinas at Malaysia, samantalang iba naman ang India. Ngunit kung pagiging Asyano ang usapin,

[8] Ang paksang ito ay mas komprehensibong tinutukan sa Santos 2020.

pareho nang kapwa/kaugnay ng Pilipinas ang Malaysia at India, habang ang Estados Unidos naman ay iba. Ngunit kung mas malawak na pagiging tao ang pag-uusapan, pare-pareho nang maituturing na kapwa/kaugnay ng Pilipinas ang Malaysia, India, at Estados Unidos. Kapwa/kaugnay naman ng Pilipinas ang Madagascar sa pagiging Austronesyano, ngunit maituturing itong iba kung ang pagbabatayan ay ang pagiging Timog Silangang Asyano. Ibig sabihin, sa trikotomiya ni Navarro (2021a, 124), nagbabago-bago ang designasyon sa mga bansa bilang kapwa/kaugnay o iba batay sa pinag-uusapang konteksto (hal. Pan-Malayo, Timog Silangang Asyano, Austronesyano, Asyano, tao, atbp.).

Bagaman si Salazar ang nagluwal sa Araling Kabanwahan noong Dekada '90, hindi na niya napagtuunan ng pansin ang ibayong teoretisasyon nito, sapagkat mas iniukol niya ang kanyang panahon sa pag-atupag sa kasaysayan at kalinangang Pilipino. Ang mga naisulat na lamang ni Salazar ay mga aplikasyon ng Araling Kabanwahan (Navarro 2019f). Para kay Navarro, isang maaaring pag-uuri-uri sa mga akda sa Araling Kabanwahan ang pagkakategorya rito sa ilalim ng "teoretisasyon" o "aplikasyon." Nakapailalim sa teoretisasyon ang mga akda na nagsasagawa ng masinsinang pagninilay sa mismong kalikasan ng Araling Kabanwahan bilang larangan. Sa aplikasyon naman mailalagay ang mga aktuwal na pag-aaral ukol sa mga kaugnay o ibang kalinangan (na maaaring eksplisitong tinatalakay ang konsepto ng Araling Kabanwahan, o maaari rin namang hindi ito nababanggit man lamang ngunit ginagamit bilang implisitong salalayan ng pag-aaral). Lahat ng mga akda ni Salazar sa Araling Kabanwahan ay nakapaloob sa kategorya ng aplikasyon. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang *Kabihasnang Asyano: Isang Pangkasaysayang Introduksyon* (Salazar, Tamayo, Veneracion, at Pastores 1981), *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Salazar 1998), at *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano* (Salazar 2006). Liban sa kaunting pagbanggit sa Araling Kabanwahan sa mga aklat na ito, walang ibayong pagdadalumat na isinagawa ukol sa Araling Kabanwahan. Mas nakatuon ang mga ito sa aktuwal na pagsasagawa ng pag-aaral ukol sa mga kaugnay at ibang kabihasnan sa diwa ng Araling Kabanwahan, sa halip na pagsisiyasat sa kalikasan nito bilang isang larangan.

Ang talagang nagsagawa ng ibayong pagdadalumat sa Araling Kabanwahan bilang larangan ay si Navarro. Siya ang nagsagawa ng

eksposisyon sa kalikasan nito, kalakip ng pagsisiyasat sa kasaklawan ng mga sublarangan nito, tuon na mga espasyo, pamamaraan, layunin, at kasaysayan. Kaya naman kung si Salazar ang itinuturing na "Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan", maaari naman nating bansagan si Navarro bilang "Pangunahing Tagapagdalumat ng Araling Kabanwahan." Sa pangkalahatan, 16 ang akdang naisulat ni Atoy Navarro ukol sa Araling Kabanwahan. Sa kabuuang bilang na ito, 6 ang nakatuon sa teoretisasyon, at 10 ang nakalaan sa aplikasyon.

Kung tutuusin, malaking bahagi ng akademikong produksyon ni Navarro ang nakalaan sa pagpapalawig ng Araling Kabanwahan. Sa pagsasagawa ng munting pagbibilang-bilang, 53 sa kanyang mga artikulo at mga kabanata ng aklat ang maituturing na nakapaloob sa malawak na larangan ng Bagong Kasaysayan. Ang 53 na akdang ito ay mahahati sa tatlong magkakaibang sublarangan ng Bagong Kasaysayan: Kasaysayang Buhay, Kasaysayang Bayan, at Kasaysayang Kabanwahan.[9] Sa aking pagtataya, 24 sa 53 akdang ito ay nakatuon sa Kasaysayang Bayan, 13 ay ukol sa Kasaysayang Buhay, at 16 naman ang nakapaloob sa Kasaysayang Kabanwahan. Samakatuwid, nasa 30 porsyento ng akademikong produksyon ni Navarro ukol sa Bagong Kasaysayan ang nakalaan sa Kasaysayang Kabanwahan/Araling Kabanwahan.

Sa 16 akdang ito (na kinapapalooban ng 6 na teoretisasyon at 10 aplikasyon), itinakda ni Navarro ang maraming aspekto ng larangan, kasama na ang saklaw nitong mga sublarangan. Sa partikular, limang sublarangan ang natukoy ni Navarro (2012a, 4) na nakapaloob sa Araling Kabanwahan. Ang limang ito ay maikakategorya sa tatlong uri, na nakabatay sa kaugnayan ng Pilipinas sa espasyong pinag-aaralan: 1. May pagtatagpo, 2. Walang pagtatagpo ngunit may pagkakatulad, at 3. Walang pagtatagpo at walang pagkakatulad. Sa unang uri, nakatutok ang pag-aaral sa mga pagkakataong may tuwirang pagkakaugnay ang Pilipinas sa ibang bansa. Sa loob nito matatagpuan ang mga sublarangan ng diplomasya (ugnayang estado-sa-estado ng Pilipinas sa ibang bansa), migrasyon (mga Pilipino sa ibayong-dagat), at ugnayang pangmamamayan (kaugnayan ng mga mamamayang Pilipino sa mamamayan ng ibang bansa). Sa ikalawang uri, walang tuwirang pagkakaugnay ang Pilipinas sa ibang bansa, ngunit maaaring magsagawa ng

[9] Para sa pagpapaliwanag sa mga sublarangang ito, tingnan ang Elumbre 2014.

pagkukumpara sa karanasang Pilipino at karanasan ng ibang kalinangan. Dito nakapailalim ang sublarangan ng araling komparatibo. Ngunit may mga pagkakataon ding wala talagang ugnayan at paghahalintulad na maisasagawa sa pagitan ng Pilipinas at bansang pinag-aaralan (ikatlong uri). Sa pagkakataong ito, maaaring magsagawa ng pag-aaral sa bansang iyon (hal. ukol sa kanilang kasaysayan, lipunan, at kalinangan), kung saan ang matututunan ukol sa kanila ay maaari pa ring magamit sa ikalalago ng kaalaman ng mga Pilipino. Dito nakapaloob ang sublarangan ng araling pang-erya. Samakatuwid, ang mga ito ang bumubuo sa mga sublarangan ng Araling Kabanwahan: 1. Araling Diplomasya, 2. Araling Migrasyon, 3. Araling Ugnayang Pangmamamayan, 4. Araling Komparatibo, at 5. Araling Pang-erya. May mga pagkakataon na nagkakatagpo-tagpo ang ilan sa mga sublarangang ito. Halimbawa, dahil sa pagkakalapit ng kanilang pinapaksa, kung tutuusin ay posibleng pagsamahin sa iisang sublarangan ang araling migrasyon at araling ugnayang pangmamamayan. Sa isa sa mga pinakabagong pampublikong panayam ni Navarro (2021b), nagdagdag siya ng dalawa pang sublarangan ng Araling Kabanwahan. Ito ay ang: 6. Araling Internasyunal, at 7. Araling Rehiyunalismo.

Liban sa pitong ito, nais kong magdagdag ng dalawang bagong sublarangan: 8. Pagsasalin, at 9. Eksposisyon ng Kaisipan ng mga Pantas. Ang pagdaragdag na ito ay batay sa pag-iral ng ilang mga akda sa Araling Kabanwahan na mahirap na maipasok nang sakto sa limang nabanggit na sublarangan. Tumutukoy ang sublarangan ng pagsasalin sa pagsasa-Filipino ng mga tekstong banyaga (ano man ang kinapapaloobang disiplina ng teksto, agham panlipunan man, pilosopiya, teolohiya, sining, agham pangkalikasan, atbp.). Bagaman maaaring igiit na nakapailalim na rin ito sa araling pang-erya, isa itong espesyal na proyektong may sariling katangian. Sa hanay ng mga tagapagtaguyod ng Araling Kabanwahan, si Salazar bilang isang *polyglot* ang pinakamaraming naisulat na mga akdang nakapaloob dito. Nariyan ang kanyang pagsasalin sa Filipino sa akda nina Karl Marx at Friedrich Engels (2000) ukol sa komunismo mula Aleman, akdang pampanitikan ni Walter Jens (1989) mula Aleman, akdang pangkasaysayan ni Oswald Spenger (1975) mula Aleman, at tula ng iba't ibang makata mula Pranses, Italyano, Aleman, Bahasa at iba pang mga wika (Salazar 2001). Mayroong isang akda si Navarro at Campomanes (2018) na nakapaloob sa kategoryang ito, ang kanyang salin sa *The Aquino Papers* mula Ingles. Mahalaga ang proyekto ng pagsasalin dahil paraan ito ng paghihiram at pag-angkin ng mga banyagang

karunungan upang mapalago ang kabang-yaman ng kaalamang Pilipino, lalo pa dahil sa katotohanang anumang isinasalin natin sa ating sariling wika ay nagiging atin na.

Ang isa pang sublarangan na maaaring idagdag sa limang sublarangan ni Navarro ay ang eksposisyon ng kaisipan ng mga pantas. Tulad ng nabanggit na sa panimula ng sanaysay na ito, mahalaga ang ganitong gawain tungo sa pagpapayabong ng anumang larangan. Dalawang paksa ang nakapaloob sa eksposisyon ng kaisipan ng mga pantas bilang isang sublarangan: 1. Eksposisyon ng kaisipan ng mga banyagang pantas ukol sa anumang larangan, at 2. Eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong pantas ukol sa Araling Kabanwahan. Maituturing na bahagi ng Araling Kabanwahan ang pagsiyasat sa kaisipan ng mga banyagang pantas, anuman ang larangan nito (hal. Paul Tillich ng teolohiya, Immanuel Kant ng pilosopiya, Fernand Braudel ng kasaysayan, Syed Hussein Alatas ng sosyolohiya, atbp.), dahil ang kamalayan ng mga pantas na ito ay sumasalamin sa kinabibilangan nilang banyagang kalinangan. Bukod dito, nakapaloob din sa sublarangang ito ang pag-aaral sa kaisipan ng mga pantas ng Araling Kabanwahan. Sa kasalukuyan, apat na akda pa lamang ang naisusulat ukol dito. Ang mga ito ay ang akda ni Navarro (2015a) ukol kay Salazar bilang tagapangunang paham ng Araling Kabanwahan, akda ni Navarro at Elumbre (2012) ukol kay Ileto bilang paham ng Araling Timog Silangang Asya, akda ni Elumbre (2015) ukol sa Araling Kabanwahan ni Salazar at Konstitutibong Lokalisasyon ni Amitav Acharya, at aking akda ukol sa trikotomiya ni Salazar (Santos 2020). Sa katunayan, sa sublarangang ito layuning makapag-ambag ng kasalukuyan kong sanaysay kay Navarro bilang pangunahing tagapagdalumat ng Araling Kabanwahan.

Bukod sa pitong sublarangan ng Araling Kabanwahan na nasa itaas na nakabatay sa paksa, maaaring magsagawa ng isa pang kategorisasyon ng mga akda sa Araling Kabanwahan na batay naman sa teritoryo. Halos lahat ng mga umiiral na pag-aaral sa Araling Kabanwahan ay mayroong kinalaman sa Timog Silangang Asya. Hindi ito nakapagtataka dahil ang rehiyong ito ang pinakamahalagang espasyo para sa Araling Kabanwahan (Navarro 2019e, 3), dahil sa ito ang rehiyon ng mga bansang pinakamalapit sa Pilipinas. Sa konteksto ng Araling Kabanwahan, hinahati sa tatlong subrehiyon ang Timog Silangang Asya: Kalupaang Timog Silangang Asya (hal. Myanmar at Thailand), Kapuluang Timog Silangang Asya (hal. Pilipinas

at Indonesia), at Ibayong Timog Silangang Asya (mga bayan sa Osyanya tulad ng Samoa at Kiribati) (2012a, 8). Karamihan ng mga akda ni Navarro sa Araling Kabanwahan ay nakapaloob sa Timog Silangang Asya, at mangilan-ngilan lamang dito ang lagpas sa rehiyong ito. Sa 16 niyang akda, 3 ay ukol sa Kalupaang Timog Silangang Asya, 2 ay ukol sa Kapuluang Timog Silangang Asya, 2 ay ukol sa Ibayong Timog Silangang Asya, 1 ay ukol sa pinagsamang Kapuluang Timog Silangang Asya at Silangang Asya, 4 ay ukol sa kabuuang rehiyon ng Timog Silangang Asya, 1 ay ukol sa kabuuang kontinente ng Asya, 2 ay saklaw ang daigdig, at 1 ay walang partikular na espasyo. Kakaunti pa lamang ang mga umiiral na pag-aaral sa Araling Kabanwahan na lagpas sa Timog Silangang Asya. Ilan sa mga ito ay matatagpuan sa isang seksyon ng *festschrift* ni Salazar na patungkol sa Araling Kabanwahan, na pinatnugutan ni Navarro: akda ni Ferdinand Victoria (2015) ukol sa Australya, akda ni Raymund Abejo (2015) ukol sa Korea, akda ni Rogelia Pe-Pua (2015) ukol sa Espanya at Italya, at akda ni Lily Mendoza (2015) ukol sa Estados Unidos.

Sa ibaba ay makikita ang isang talahanayan, kung saan isinalansan ang 16 akda ni Navarro batay sa kinapapaloobang sublarangan at rehiyon ng mga ito. Ang pagkakasunod-sunod ng 16 akdang ito ay nakaayos batay sa kronolohiya ng kanilang pagkakalimbag.

## TALAHANAYAN 2
## Kategorisasyon ng mga Akda ni Navarro Batay sa Sublarangan at Rehiyon

| Akda | Sublarangan ng Araling Kabanwahan | Kinapapaloobang Rehiyon |
|---|---|---|
| Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam (1999) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Ibayong Timog Silangang Asya |
| ASYA: Kasaysayan at Kabihasnan (2010) | Araling Pang-Erya | Asya |
| Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya (2012) | Araling Rehiyunalismo | Timog Silangang Asya |
| Natatanging Tala: Pagpapahalaga kay Prop. Dr. Reynaldo C. Ileto: Paham sa Araling Timog Silangang Asya (2012) | Eksposisyon ng Kaisipan ng mga Pantas | Timog Silangang Asya |
| Dalawang 'Hari' ng Kapuluang Timog Silangang Asya noong Dantaon 19: Panimulang Tala kina Pangeran Diponegoro at Hermano Puli (2012) | Araling Komparatibo | Kapuluang Timog Silangang Asya |
| Sa Labas ng mga Bahay/ Pinagtatrabahuhan: Mga Espasyo ng mga Migranteng Pinoy sa Urbanisadong Landskeyp ng Singapore, Lalo na sa Lucky Plaza Mall (2012) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Kapuluang Timog Silangang Asya |
| Lakbay-Aral sa Polynesyang Pranses at Rapa Nui: Tungo sa Pagpapayabong ng Araling Kabanwahan at Araling Ibayong Timog Silangang Asya (2015) | Araling Rehiyunalismo | Ibayong Timog Silangang Asya |
| Kasalimuotan ng mga Pagkakakilanlan sa Timog Silangang Asya: Tungo sa Pagtatampok ng Taumbayan sa Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa Diwa ng Araling Kabanwahan (2015) | Araling Rehiyunalismo | Timog Silangang Asya |

| Akda | Sublarangan ng Araling Kabanwahan | Kinapapaloobang Rehiyon |
|---|---|---|
| Ang Pagkain at Pagkapilipino sa Ibayong Dagat: Pagpopook at Pagsasakasaysayan sa mga Espasyong Pilipino sa Bangkok, Thailand (2015) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Kalupaang Timog Silangang Asya |
| Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan (2015) | Eksposisyon ng Kaisipan ng mga Pantas | Walang partikular na espasyo |
| Muling Pagtanaw sa Konsepto ng Pagkalalaki: Pagkatao at Seksuwalidad sa Loob at Labas ng Pilipinas (2017) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Kapuluang Timog Silangang Asya at Silangang Asya |
| Mapanuring Pagsasaling Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (2018) | Pagsasalin | Kalupaang Timog Silangang Asya |
| Ambag sa Araling Kabanwahan at Araling Pilipino-Thai: Mga Pananaliksik Ukol sa Ugnayang Pilipino-Thai (2019) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Kalupaang Timog Silangang Asya |
| Pagpapakilala sa Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan (2019) | Araling Migrasyon/ Araling Ugnayang Pangmamamayan | Timog Silangang Asya |
| Ang Kahalagahan ng Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Globalisasyon at Pandaigdigang Paglakas ng Malayong Kanan (2021) | Araling Internasyunal | Daigdig |
| Introduksyon: Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan sa Panahon ng Globalisasyon (2021) | Araling Internasyunal | Daigdig |

Mapapansin sa talahanayan na ito na araling migrasyon/ugnayang pangmamamayan ang pinakamadalas na pinapaksang sublarangan ni Navarro (6 na akda niya ang nakapaloob dito). Sinundan ito ng araling rehiyunalismo na naglalaman ng 3 akda. Ang araling internasyunal at eksposisyon ng kaisipan ng mga pantas ay parehong kinapapalooban ng 2 sulatin ni Navarro. Mayroon siyang 1 akda para sa bawat sublarangan ng

pagsasalin, araling komparatibo, at araling pang-erya. Lumilitaw sa mga pagbibilang na ito na ang pinakatuon ni Navarro sa mga nagdaang taon sa Araling Kabanwahan ay ang araling migrasyon/ugnayang pangmamamayan sa Kalupaang Timog Silangang Asya. Sumasalamin marahil ito sa kanyang pagiging migrante mismo sa Kalupaang Timog Silangang Asya (partikular sa Thailand). Madalas na ang kanyang pinagkakaabalahan ay pag-aralan ang iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng mga kapwa niya migranteng Pilipino, tulad ng kanilang pagkain, sekswalidad, at mga espasyong nabubuo sa ibayong dagat. Ang kawalan ng pag-aaral ni Navarro ukol sa araling diplomasya ay repleksyon marahil ng kritika niya sa *ASEAN Studies*, na madalas na nakatuon sa ugnayang pulitikal ng mga bansa, tulad ng mga diplomatikong pagbisita ng mga pinuno, at mga tratadong ekonomiko-pulitikal. Taliwas dito, mas mayroong pagkiling ang Araling Kabanwahan sa taumbayan ng mga bansa sa halip na sa kanilang mga pamahalaan (Navarro 2015b).

Ang kritika ni Navarro sa madalas na tuon sa ugnayang estado-sa-estado ay hindi naman nangangahulugan na walang saysay para sa kanya ang larangang ito. Sa katunayan, may mga akda siyang may kinalaman sa diplomasya, bagaman hindi mga akademikong lathalain (Navarro 2021e). Ilang halimbawa nito ang mga polyetong isinulat niya bilang kasapi ng Solidarity to Oppose War (Stop the War!) Coalition. Madalas na ang paksa ng mga ito ay pagkastigo sa karahasan ng mga pamahalaan, tulad na lamang ng magkatuwang na paniniil ng rehimeng Arroyo ng Pilipinas at Bush ng Estados Unidos (Navarro 2007b), okupasyong Israeli sa Palestina (Navarro 2008), at isyu ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas sa pagitan ng Pilipinas at Tsina (Navarro 2013). Yamang nakatuon ito sa estado, nadadaplisan nito ang paksa ng araling diplomasya.

Isa ring pahapyaw na maaaring pansinin sa mga paksa na nasa talahanayan ay may mga pagkakataong nagkakatagpo sa mga akda ni Navarro sa Araling Kabanwahan ang iba't ibang sublarangan ng Bagong Kasaysayan. Halimbawa, sa kanyang sanaysay na nagkukumpara kina Hermano Puli ng Pilipinas at Pangeran Diponegoro ng Indonesia (Navarro 2012b) ay makikita ang pagtatagpo ng Kasaysayang Kabanwahan at Kasaysayang Buhay.

Ukol sa metodo o pamamaraan sa pag-aaral ng Araling

Kabanwahan, ipinaliwanag ni Navarro (2012a, 5-6) na interdisiplinaryo ang dulog dito. Bagaman ang Araling Kabanwahan (partikular ang anyo nitong Kasaysayang Kabanwahan) ay sumibol mula sa kapantasan ng mga historyador, hindi lamang ito humuhugot ng mga metodo mula sa disiplina ng kasaysayan. Maaari rin itong humalaw ng pamamaraan mula sa iba pang larangan tulad ng demograpiya, sikolohiya, agham pampulitika, sosyolohiya, antropolohiya, ekonomiks, at iba pa. Repleksyon marahil ito ng pagiging interdisiplinaryo ng Bagong Kasaysayan (at ng dulog sa kasaysayan ng tagapagtatag nitong si Salazar), ang larangang nag-anak sa Araling Kabanwahan. Ang mga pag-aaral mismo ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan ay nagpapamalas ng paggamit niya ng mga metodo mula sa iba't ibang disiplina. Halimbawa, mula sa disiplina ng demograpiya ay madalas niyang hiramin ang metodo ng estadistika, partikular sa pagbabahagi ng mga talahanayan ukol sa pagtaas ng populasyon ng mga migranteng Pinoy sa ibayong dagat. Makikita ang ganito niyang pamamaraan sa kanyang sanaysay ukol sa Lucky Plaza Mall bilang espasyong Pinoy sa Singapore (Navarro at Tatel 2012), gayundin sa kanyang pag-aaral ukol sa pagkaing Pilipino sa Thailand (Navarro 2015d). Isa pang marka ng interdisiplinaryong lapit ni Navarro sa Araling Kabanwahan ay ang madalas niyang paggamit ng mga pamamaraang umusbong sa konteksto ng Sikolohiyang Pilipino tulad ng pagmamasid, pagtatanong-tanong, pakikipagkuwentuhan, at pagpapakuwentong-buhay. Liban sa dalawa nang nabanggit na pag-aaral ukol sa Singapore at Thailand, kinasangkapan din ni Navarro ang ilan sa mga metodong ito sa kanyang artikulo ukol sa persepsyon sa pagkalalaki ng mga Pilipinong nasa Maynila, Hongkong, at Singapore (Navarro at Elumbre 2019). Liban sa mga metodong mula sa demograpiya at Sikolohiyang Pilipino, nariyan din siyempre ang paggamit niya ng mismong pamamaraan ng kasaysayan, tulad na lamang sa kaso ng kanyang pag-aaral ukol kay Hermano Puli at Pangeran Diponegoro.

Ukol sa layunin ng Araling Kabanwahan, eksplisito ang paliwanag ni Navarro dito. Para sa kanya, ang katapus-tapusang misyon ng Araling Kabanwahan ay ang pagsusulong ng kapakanang Pilipino at pagbuo ng isang mas makatarungang ugnayang kabanwahan. Para kay Navarro ay marapat na sabay na ipaglaban ng Araling Kabanwahan ang dalawang ito. Sa isang banda, mahalaga sa Araling Kabanwahan ang "pagsasagitna ng Pilipino sa lahat at alinmang diskurso" (Jose, Navarro, at Ong 2021b, 2-3), kahit na

yaong mga paksa na ukol sa kaugnay o ibang kalinangan. Ang pag-aaral natin sa ibang bansa ay dapat na humantong sa paglago ng ating kaalaman bilang isang bansa, na magagamit natin sa pag-unlad ng Pilipinas. Ito ang dahilan kung bakit ang Araling Kabanwahan ay nasa wikang nauunawaan ng bayan. Sa kabilang banda, sa isang aklat ukol sa Asya na kolektibo nilang isinulat, nilinaw ni Navarro na (Salazar, Navarro, Maminta, at Ubaldo 2010, 9):

> Sa Araling Kabanwahan, itinatampok ang pagiging makabuluhan at makatotohanan ng kasaysayan at kabihasnang Asyano para sa kapakanan ng mga Pilipino. Sa pagtatanghal sa kapakanan ng mga Pilipino, hindi ito dapat maging kasangkapan upang isantabi ang kapakanan ng iba pang kapwa Asyano. Bukod sa pagiging makabuluhan at makatotohanan, mahalagang maging makatarungan at makatuwiran din ang kasaysayan at kabihasnang Asyano hindi lang para sa mga Pilipino kundi pati na rin sa iba pang kapwa Asyano.

Sa isang sanaysay ukol sa Timog Silangang Asya, nabanggit ni Navarro (2015b, 144) na dapat na makapag-ambag ang Araling Kabanwahan sa pagpapayabong ng ugnayan ng mga kilusang bayan sa Timog Silangang Asya. Ibig sabihin, hindi lamang teoretikal ang Araling Kabanwahan, bagkus ay mayroon din itong pragmatikong tunguhin. Nilinaw ni Navarro (2015b, 142) na may malay na pagkiling ang Araling Kabanwahan sa mga nasa laylayan, mga isinasagilid, at mga pinagsasamantalahan. Aniya (Navarro 2021a, 136):

> Sa Araling Kabanwahan, may pagkiling sa sambayanang nasa laylayan ng lipunan—yaong mga isinasagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihang uri, etnisidad, relihiyon, kasarian, gulang, at iba pa. Ibig sabihin, kapwa/kaugnay na bayan o kabihasnan sa ngalan ng interes ng mga manggagawa, minoridad na etnisidad at relihiyon, kababaihan at mga LGBTQIA+, matatanda at kabataan, at iba pa ang isinasaalang-alang sa Araling Kabanwahan.

Ang kanyang mariing tuon sa tema ng katarungan ay kapansin-pansin sa madalas niyang pagbanggit sa pagtataguyod ng maunlad, maginhawa, makatarungan, at makatwirang kabanwahan. Sa katunayan, tila isang pormula ito na ginagamit niyang lagdang panapos sa halos lahat ng

mga akda niya sa Araling Kabanwahan. Tingnan halimbawa ang mga sumusunod na linya na matatagpuan sa bawat dulo ng magkakaiba niyang artikulo:

> Sa hinaharap, inaasahang mas marami pa ang magkakainteres sa Araling Pilipino-Thai at Araling Kabanwahan tungo sa malaya at mapagpalaya, makatwiran at makatarungan, maunlad at maginhawang ugnayang Pilipino-Thai sa partikular, at ugnayang kabanwahan sa pangkalahatan. (Navarro 2019c, 28-29)

> Sa diwa ng rekonstraksyunista sa moda ng Araling Kabanwahan at Kasaysayang Kabanwahan, ang mahalaga ay ang "paghahanap ng sariling kabuuan" . . . ukol sa Araling Timog Silangang Asya tungo sa makabuluhan, makatotohanan, makatarungan, at makatwirang talastasang kabanwahan. (Navarro 2012a, 23)

> Pinakamahalaga pa rin sa kanyang [Ileto] akademiko at progresibong direksyon kaugnay ng Araling Timog Silangang Asya, ang mapasingaw ang mga kategorya at konseptong mula mismo sa mga banwa at makabuo ng isang makabuluhan, makatotohanan, makatarungan, at makatwirang talastasang kabanwahan para sa ating rehiyon. (Navarro at Elumbre 2012, 194)

> Sa huli, pinakamainam pa ring paraan ng pagtatampok sa taumbayan sa Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa diwa ng Araling Kabanwahan, hindi lamang ang pagsusulong ng makabuluhan, makatotohanan, makatarungan, at makatwirang talastasang kabanwahan kundi ang pagtataguyod ng makabuluhan, makatotohanan, makatarungan, at makatwirang ugnayang kabanwahan. (Navarro 2015b, 144)

> Sa pangkalahatan, masasabing sa pamamagitan ng pagaaral sa mga partikular na kalagayan at kalinangan ng sambayanan sa bawat bansa at gayundin ang pagkakatulad ng mga taumbayan sa pagitan ng mga bansa, masasabing makapag-aambag ang Araling Kabanwahan … sa patuloy na pakikibaka ng sambayanan para sa malaya, mapagpalaya, makatarungan, maunlad, at maginhawang kabanwahan. (Navarro 2021a, 138)

Mapapansin sa mga ito na anuman ang paksa ni Navarro – Araling Timog Silangang Asya man, Araling Pilipino-Thai, Araling ASEAN, ambag ni Ileto, o globalisasyon – ang interes ni Navarro ay laging nasa ambag ng mga pag-aaral na ito sa pagbubuo ng mas makatarungang kabanwahan. Ang "obsesyon" ni Navarro sa tema ng katarungan sa Araling Kabanwahan ay malamang na maiuugat sa kanyang personal na paninindigan bilang isang aktibista. Una nang nabanggit sa bahagi ng maikling pananalambuhay kay Navarro na isa siyang lantarang sosyalista mula pa man noong nag-aaral pa siya sa Unibersidad ng Pilipinas. Malinaw rin ang kanyang tindig bilang kasapi ng Akbayan. Ang ganito niyang maka-Kaliwang kapookan ang pinaghuhugutan niya ng masidhing pag-atupag sa katarungang panlipunan, kahit man sa pag-aaral ng ibang bayan. Hindi lamang sa akademikong antas ang pagsusulong niya ng katarungan sa Araling Kabanwahan. Sa katunayan, kahit na habang nasa ibayong dagat, nakilahok siya sa pagbuo ng Advocacy Network Against Killings in the Philippines, Thailand (ANAK-Thailand), na nananawagan laban sa paglabag sa karapatang pantao sa Pilipinas (Navarro 2019c, 27). Bukod sa mga akademikong pagtitipon, isa ring dahilan ng pagpapabalik-balik niya sa Pilipinas mula sa Thailand ang pagdalo sa mga sampaksaang isinasagawa ng mga progresibong kilusan sa bansa.

Bukod sa kasaklawan ng mga sublarangan, tinututukang mga rehiyon, metodo, at layunin, si Navarro rin ang unang nagtakda ng pagsasakasaysayan sa Araling Kabanwahan bilang isang larangan. Inumpisahan niya ang gawaing ito sa kanyang artikulong "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya", na maituturing din na pinakakomprehensibong akda ni Navarro ukol sa kalikasan ng Araling Kabanwahan bilang isang larangan. Mas napalawig niya ang pagsasakasaysayang ito sa isang pampublikong panayam na ibinahagi niya bilang parte ng isang sampaksaang parangal para kay Zeus Salazar noong Oktubre 2019 (Navarro 2019d). Ito ang kauna-unahang pagkakataon na naglatag siya ng pormal na peryodisasyon ng kasaysayan ng Araling Kabanwahan bilang isang larangan. Hinati niya ang peryodisasyong ito sa tatlong yugto: 1. Pagpupunla ng Araling Kabanwahan (Hanggang 1990), 2. Pag-uugat ng Araling Kabanwahan (1990-2010), at 3. Pagpapayabong ng Araling Kabanwahan (2010-Kasalukuyan).

Nabanggit na natin na 1990 ang itinuturing ni Navarro na taon ng kapanganakan ng Araling Kabanwahan, dahil sa magkatuwang na pagtatatag

nina Salazar at Aquino ng Lupon ng Araling Pang-erya, na kalaunan ay pinalitan nila ng taguri bilang Araling Kabanwahan. Ngunit bago pa man ang pag-usbong ng tuwirang teoretisasyon sa Araling Kabanwahan noong 1990, may mga pag-aaral nang umiiral ukol sa mga kaugnay/ibang kalinangan na nasa wikang Filipino. Nariyan halimbawa ang akda ni Dimitri Yefimov (1985) na *Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang Tadhana ng mga Asyano at Aprikano, Ang Unyong Sobyet at ang Pilipinas* ni A. Olenin at V. Makarenko (1985), at ang *Kabihasnang Asyano* nina Salazar, Veneracion, Tamayo at Pastores (1981). Ang mga ito at marami pang iba ay nagsilbing pagpupunla sa matabang lupa na kalauna'y nagbigay-daan sa tuluyang pag-uugat ng Araling Kabanwahan mula 1990.

Ang mga taon sa pagitan ng 1990 at 2010 ang itinuturing ni Navarro na panahon ng pag-uugat ng Araling Kabanwahan. Sa panahong ito naisulat ni Salazar ang mga pag-aaral na aplikasyon ng Araling Kabanwahan, tulad ng mga nabanggit nang *Malayan Connection, Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano Polynesiano,* at salin niya sa Partido Komunista nina Marx at Engels. Nakapaloob din sa panahong ito ang kauna-unahang artikulo ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan – ang kanyang sanaysay noong 1999 ukol sa mga eksilong Pilipino na ipinatapon ng pamahalaang kolonyal sa Marianas (Navarro 1999a). Sa taon ding ito niya naisulat ang "Kasaysayan at Talastasang Bayan sa Wikang Filipino" (Navarro 1999b), kung saan niya ipinaliwanag ang Araling Kabanwahan bilang isang sublarangan ng Bagong Kasaysayan. Sa panahong ito, karamihan ng mga akda sa Araling Kabanwahan ay pawang mga aplikasyon pa lamang. Wala pang seryosong teoretisasyon sa Araling Kabanwahan na nailimbag sa yugtong ito, partikular ukol sa kalikasan nito bilang isang larangan. Sa katunayan, ang dalawang nabanggit na akda lang ang naisulat ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan sa binansagan niyang panahon ng pag-uugat (at isa lamang talaga sa dalawang ito ang tuwirang akda sa Araling Kabanwahan, dahil ang isa pang artikulo ay may pahapyaw lamang na pagpapaliwanag sa Araling Kabanwahan). Gayunman, may ilan nang mga pampublikong panayam na isinagawa si Navarro ukol sa teoretisasyon ng Araling Kabanwahan sa panahong ito, na magiging batayan ng mga ililimbag

[10] Ang mga panayam na ito ay nasa wikang Ingles at ibinahagi sa mga kumperensya sa ibang bansa (tingnan ang Navarro 2005; 2007a).

niya ukol sa larangan pagdating ng oras.[10]

Ang mahalagang ikutang pangyayari na nagmamarka sa pagtatapos ng panahon ng pag-uugat at pagsisimula ng panahon ng pagpapayabong ay ang pagkalimbag noong 2010 ng *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan.* Isa itong teksbuk na idinisenyong basahin ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan sa hayskul. Isinulat ito nina Salazar, Navarro, Sharon Maminta, at Lars Raymund Ubaldo bilang pagpapaunlad sa naunang teksbuk sa Asya sa wikang Filipino na naisulat ni Salazar at iba pang kaguruan ng UP Departamento ng Kasaysayan noong 1981. Ito ang kauna-unahang teksbuk sa kasaysayang Asyano, kung saan mayroong tuwirang pagpapaliwanag ukol sa Araling Kabanwahan. Si Navarro ang nagsulat ng unang yunit ng teksbuk na naglalaman ng naturang paliwanag sa Araling Kabanwahan.

Sa aking palagay, maaari marahil tingnan ang 2010 bilang transisyon mula kay Salazar tungo kay Navarro bilang pangunahing pantas ng Araling Kabanwahan. Mula sa taong ito ay wala na gaanong naisulat si Salazar ukol sa Araling Kabanwahan, sa antas man ng aplikasyon o teoretisasyon. Sa kabaligtaran, mula naman sa taon na ito ay nagsimulang dumami ang bilang ng publikasyon ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan. Sa yugtong ito naisulat ni Navarro ang 15 akda niya ukol sa Araling Kabanwahan. Mahalaga ang taong 2012 sa panahong ito ng pagpapayabong ng Araling Kabanwahan, partikular sa konteksto ng kapantasan ni Navarro. Apat na akda ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan ang nailimbag sa taong ito, kasama na ang nabanggit nang "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya", na maituturing na pinakamahalagang akda niya ukol sa larangan sa kasalukuyan. Sa isang pakikipanayam kay Navarro (2021e), ipinaliwanag niya na mas maaga pa ang pinag-ugatan ng 2012 na artikulo niyang ito. Orihinal niyang isinulat ito bilang reaksyong papel sa isang pampublikong panayam ni Myfel Joseph Paluga, na 2000 pa naganap.[11] Ang pinalawak na bersyon nito ay nailimbag lamang noong 2012. Samakatuwid, noong yugto ng pag-uugat (1990-2010) pa talaga nasimulan ni Navarro ang malalimang teoretisasyon sa Araling Kabanwahan, bagaman hindi pa kaagad ito naisapubliko dulot ng 12 taong pagkaantala ng paglilimbag nito.

[11] Ang panayam na ito ni Myfel Joseph D. Paluga, tulad ng reaksyong papel ni Navarro, ay 2012 lamang din nailimbag (Paluga 2012).

Apat na akda rin ang naiprodyus ni Navarro ukol sa Araling Kabanwahan noong 2015. Mahalaga rin ang taong ito sa panahon ng pagpapayabong (2010-Kasalukuyan) dahil sa dalawang mahalagang pangyayari. Una, 2015 lumitaw ang dalawang isyu ng *SALIKSIK E-Journal*, na nakatuon sa Araling Kabanwahan. Ang una ay nakatuon sa mga Austronesyano, samantalang ang ikalawa ay patungkol naman sa Araling ASEAN at Araling Timog Silangang Asya. Sa mga isyung ito matatagpuan ang dalawang sanaysay ni Navarro, na nakatuon sa Araling Ibayong Timog Silangang Asya at Araling ASEAN. Ang ikalawang mahalagang pangyayari sa taong ito ay ang pagkakalimbag ng *festschrift* ni Salazar, kung saan isa sa tatlong bahagi ay espesyal na nakatutok sa Araling Kabanwahan. Dito inilimbag ni Navarro ang sanaysay niya ukol kay Salazar bilang tagapangunang paham ng Araling Kabanwahan, at gayundin ang pag-aaral niya ukol sa pagkaing Pilipino sa Thailand. Liban sa dalawang sanaysay na ito ni Navarro, sa bahagi ring ito ng *festschrift* na kanyang pinatnugutan matatagpuan ang isang bugkos ng mga pag-aaral sa Araling Kabanwahan, na isinulat nina Adonis Elumbre, Ferdinand Victoria, Raymund Abejo, Rogelia Pe-Pua, at S. Lily Mendoza. Makasaysayan para sa Araling Kabanwahan ang pagkakataong ito, dahil ito ang unang beses na nagkaroon ng publikasyon ukol sa Araling Kabanwahan na pumapaksa sa mga lugar na nasa iba't ibang kontinente tulad ng Asya (Navarro, Elumbre at Abejo), Australia (Victoria), Europa (Pe-Pua), at Hilagang Amerika (Mendoza).

Tig-isang artikulo lamang ang naisulat ni Navarro noong 2017 at 2018, isang patungkol sa persepsyon ng mga migranteng Pilipino sa pagkalalaki, at isang ukol sa pagsasalin ng *The Aquino Papers.* Sumunod rito ang mahalaga muling taon ng 2019, kung kailan lumitaw ang aklat na *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan; Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya,* na pinamatnugutan ni Elumbre at Navarro (2019). Ito ang una sa pinaplanong serye ng mga aklat na maglalaman ng salaysay ng mga Likasyan (mga dating kasapi ng UP Lipunang Pangkasaysayan) ukol sa kanilang mga karanasan sa ibayong dagat (bilang gradwadong mag-aaral, mananaliksik o guro). Yamang ang Timog Silangang Asya ang pinakamahalagang rehiyon sa Araling Kabanwahan, mga paglalakbay sa rehiyong ito ang nilaman ng unang tomo. Ayon na rin sa pangakong nasa panimula ng aklat, pinaplano nilang maglabas ng iba pang bolyum na nakatutok naman sa iba pang mga

rehiyon ng Asya, at maging mga rehiyon sa iba pang kontinente. Ang aklat na ito ay naglalaman ng pagbabalik-tanaw ni Navarro ukol sa kanyang karanasan sa banwa ng Thailand bilang isang migranteng Pilipino, partikular bilang gradwadong mag-aaral sa Thammasat University at mananaliksik sa FERCAP.

Ang sunod na mahalagang proyekto ni Navarro ukol sa larangan ay ang *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan* (Jose, Navarro, at Ong 2021a). Inilathala ito nina Navarro, Mary Dorothy Jose at Jerome Ong upang magsilbing batayang aklat ng mga 'di-gradwadong mag-aaral ng Araling Pang-erya sa UP Manila ukol sa isang Araling Pang-eryang kontekstuwalisado sa kalinangang Pilipino. Mahalaga ang pagkakalimbag ng aklat na ito sa UP Manila dahil ito ang tanging pamantasan na may 'di-gradwadong digri sa Araling Pang-erya. Nangangahulugan ito ng paglakas ng Araling Kabanwahan sa mismong sentro ng kapantasan ukol sa Araling Pang-erya. Sa katunayan, naibahagi ni Navarro na bago pa man ang pagkakalimbag ng aklat na ito ay pinahahalagahan na ang Araling Kabanwahan sa UP Manila (institusyong dati niyang pinagturuan). Halimbawa, sa pagtuturo ni Mary Dorothy Jose ng kursong AS 101 (panimulang kurso sa Araling Pang-erya), ginagamit niya ang Araling Kabanwahan bilang balangkas pangkaisipan. Ang isa pang kaibigang akademiko ni Navarro na si Alvin Campomanes ay gumagamit din ng Araling Kabanwahan sa pagtuturo ng mga hawak niyang kurso sa Araling Pang-erya sa naturang pamantasan (2021d).

Sa aklat na ito inilathala ni Navarro ang kanyang sanaysay ukol sa saysay ng Araling Kabanwahan sa pagtugon sa hamon ng malayong kanan. Bagaman kailangan pang hintayin ang mga isusulat niya ukol sa Araling Kabanwahan sa mga susunod na taon, magiging isang mahalagang transisyon marahil ito sa kapantasan ni Navarro sa larangan. Tulad ng naipakita na, dati pang preokupasyon ni Navarro ang pagbibigay-diin sa tema ng katarungang panlipunan sa Araling Kabanwahan. Ngunit kung tutuusin, ang tema ng katarungang panlipunan sa kanyang mga nakaraang publikasyon ay limitado lamang sa mga deklarasyon o bilang lagdang panapos sa dulo sa kanyang mga sulatin. Ngunit sa artikulo niyang ito ngayong 2021, hindi na lamang deklarasyon ang katarungang panlipunan kundi isa nang tuwirang paksain ng kanyang pananaliksik sa Araling Kabanwahan. Dagdag pa rito, bagaman hindi naman itinatago ni Navarro

ang kanyang sosyalistang tindig, ang akdang ito ang unang pagkakataon sa lahat ng kanyang mga publikasyon sa Araling Kabanwahan na hayagan niyang ipinahayag ang pangangailangan para sa isang "demokratiko at sosyalistang alternatibo sa pribadong pagmamay-ari" (Navarro 2021a).

Pinatutunayan ng lahat ng mga talakayan sa itaas na si Navarro ang nagtakda ng mga hangganan ng Araling Kabanwahan bilang isang larangan, kalakip ng saklaw nitong mga sublarangan, teritoryal na tuon, pamamaraan, layunin, at kasaysayan. Sumususog ang mga ito sa katumpakan ng ating pagbabansag kay Navarro bilang "Pangunahing Tagapagdalumat ng Araling Kabanwahan."

## PAGLALAGOM AT PAGTATAPOS: SI ATOY NAVARRO AT ANG HINAHARAP NG ARALING KABANWAHAN

Mahalagang gawain ang eksposisyon ng kaisipan ng mga pantas. Daan ito tungo sa pagbuo ng kasaysayang intelektuwal na makapagpapatatag ng anumang larangang akademiko. Ito ang dahilan kung bakit kailangang atupagin ang gawaing ito lalo na sa konteksto ng Pilipinisasyon, isang proyektong naglalayong humulma ng isang malayang kapantasang Pilipino. Sa loob ng Pilipinisasyon, isa sa interesanteng lapatan ng ganitong gawain ay ang Araling Kabanwahan, lalo na dahil sa ika-30 taong anibersaryo nito noong nakaraang taon. At kung Araling Kabanwahan ang gagawan ng ganitong eksposisyon, makatwiran lamang na ang maging paksa ay ang pangunahing pantas nito na si Atoy Navarro.

Sa pagsasagawa ng pahapyaw na pananalambuhay kay Navarro, nasulyapan natin ang kanyang mga pook na humulma sa kanyang mga paninindigan bilang akademiko. Nangunguna sa mga kapookang ito ang sosyalismo at Pantayong Pananaw, kung saan nagkaroon ng malaking bisa sa kanyang kamalayan ang kanyang mga naging guro sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Naging mahalagang salik din ng kanyang kapantasan ang pagtungo sa ibayong dagat matapos na magturo sa iba't ibang sangay ng UP. Mahalaga ito sapagkat ang kanyang pagkakapadpad sa Thailand ang maituturing na lalong nagpayabong ng kanyang interes sa mga kaugnay/ibang kalinangan. Ngunit malayo man ang pisikal na distansya sa bayan, nanatiling malapit ang kamalayan ni Navarro sa bayan habang nasa duyan

ng ibang bayan. Nanatili ang kanyang pakikipagtalastasan bilang historyador sa mga kapwa Pilipino sa wikang Filipino ukol sa samot-saring paksa tulad ng kasaysayang pampook, kasaysayang kababaihan, at kasaysayang buhay. Sa gitna ng samot-saring paksa ng Bagong Kasaysayan na kanyang inatupag bilang isang prolipikong manunulat, isa sa kanyang napagtuunan ng pansin ay ang Araling Kabanwahan.

Bagaman si Salazar ang nagpasimula ng larangang ito, si Navarro ang tumayong "Pangunahing Tagapagdalumat ng Araling Kabanwahan." Siya ang nagtakda sa mga hangganan nito bilang larangan. Sa usapin ng kasaklawan, itinampok niya ang mga sublarangan ng Araling Kabanwahan tulad ng araling diplomasya, araling migrasyon, araling ugnayang pangmamamayan, araling komparatibo, araling pang-erya, araling rehiyunalismo, at araling internasyunal (na maaaring dagdagan ng sublarangan ng pagsasalin at eksposisyon ng kaisipan ng mga pantas). Sa mga ito, araling migrasyon/ugnayang pangmamamayan ang madalas na paksain ni Navarro, partikular ang iba't ibang aspekto ng kanilang pamumuhay tulad ng pagkain, seksuwalidad, at mga nabubuong espasyo sa ibayong dagat. Maipaliliwanag ang ganitong preokupasyon ng kanya mismong kapookan bilang isang migranteng Pilipino sa Thailand. Ukol naman sa kasaklawan sa espasyo, Timog Silangang Asya ang pinakamadalas paksain ni Navarro at iba pang manunulat ng Araling Kabanwahan, sapagkat ito ang pinakamahalagang rehiyon para sa Pilipinas. Sa usapin ng metodo, idiniin ni Navarro ang pagiging interdisiplinaryo ng Araling Kabanwahan. Makikita ang ganitong dulog sa kanya mismong mga pag-aaral na nilalapatan niya ng mga pamamaraang nahubog sa konteksto ng Sikolohiyang Pilipino, at gayundin ng mga metodo mula sa demograpiya at disiplina ng kasaysayan. Ukol sa layunin, malinaw ang paninindigan ni Navarro na kumikiling ang Araling Kabanwahan sa mga nasa laylayan, mga inaapi, at pinagsasamantalahan. Mariin niyang sinasalungguhitan na tunguhin ng Araling Kabanwahan ang pagsasagitna ng kapakanang Pilipino at pagsusulong ng makatarungan, makatwiran, maunlad, at maginhawang kabanwahan. Sa pagsasakasaysayan, siya rin ang unang naghain ng peryodisasyon nito na nahahati sa mga yugtong: 1. Pagpupunla ng Araling Kabanwahan (Hanggang 1990), 2. Pag-uugat ng Araling Kabanwahan (1990-2010), at 3. Pagpapayabong ng Araling Kabanwahan (2010-Kasalukuyan). Ang kapantasan mismo ni Navarro ay nagkaroon ng malaking gampanin sa

pangkasaysayang pag-unlad na ito ng Araling Kabanwahan, lalo na sa yugto ng pagpapayabong, kung kailan niya naisulat ang mayorya ng kanyang mga akda ukol sa larangan.

Ang pangkasaysayang pag-unlad na ito ng Araling Kabanwahan ay dumadaloy hanggang sa kasalukuyan. Patuloy sa pagpupunyagi si Navarro para sa higit na pagpapayabong sa larangan. Isa sa mga mungkahi niya para sa paglago nito ay ang pagbuo ng isang sentro o aralang grupo ng Araling Kabanwahan (2015b, 144). Malaki ang maitutulong ng ganitong grupo sa larangan, dahil maaaring magpasinaya ang ganitong grupo ng samot-saring palihan at sampaksaan ukol sa Araling Kabanwahan. Tataas din ang bilang ng publikasyon sa larangan sa tulong ng ganitong sentro/grupong aralan, at mas lilinaw ang direksyon ng Araling Kabanwahan dahil mas mapapagbigkis nito ang mga tagapagsulong ng larangan. Mas madali ring maipaplano ang hatian ng trabaho sa konteksto ng isang sentro/aralang grupo, sa pamamagitan ng pagtukoy kung sino-sinong dalubhasa ang nakatoka sa pagpapayaman ng kaalaman sa bawat rehiyon ng Asya at ng daigdig na nasa wikang Filipino. Tuloy-tuloy rin ang pagpaplano ni Navarro ng mga proyekto sa hinaharap na mas makapagpapasigla sa larangan. Isa na rito ang planong paglikha ng isang bagong dyornal (*Kabanwahan E-Journal*) o monograp (*Araling Kabanwahan*) na nakatutok dito. Sa aking palagay ay isa ring makabuluhang proyekto na mailalatag bilang suhestiyon ang pagkolekta sa ilan sa mga artikulo ni Navarro, at paglilimbag nito bilang isang antolohiya na magsisilbing isang komprehensibong babasahin sa Araling Kabanwahan. Sa pamamagitan nito ay mas magiging hayag ang kairalan ng Araling Kabanwahan sa akademyang Pilipino bilang isang alternatibo sa mas malaganap na *Area Studies*. Mas magagawa rin nitong aksesibol ang mga sulatin ni Navarro para sa mga interesadong mananaliksik, liban sa maaari itong maging batayang aklat sa mga kurso kung saan pwedeng ituro ang Araling Kabanwahan.

Isang positibong kaganapan din sa pag-unlad ng larangan ang pagkakalimbag ng artikulo ni Elumbre (2020) na "Discursive Experiments in Vernacularizing International Studies in the Philippines," bilang bahagi ng aklat na *International Studies in the Philippines: Mapping New Frontiers in Theory and Practice*. Ito ang pinakaunang pagkakataon na komprehensibong tinalakay ang Araling Kabanwahan sa isang internasyunal na publikasyon. Isa itong indikasyon sa unti-unting pagkakapasok ng Araling Kabanwahan

sa dominanteng diskurso ng Araling Pang-erya sa Pilipinas.

Kaalinsabay ng mga pagsisikap na ito ay ang paggabay ni Navarro sa mga nakababatang akademiko na potensyal na makatutulong sa pagpapalago ng larangan. Isang halimbawa ng mga akademikong ito ay si Axle Christien Tugano, na nakatuon sa mga paksang may kinalaman sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga kaugnay na banwa/rehiyon tulad ng Tsina (Tugano 2019), Australya (Tugano 2020), Timog Silangang Asya (Tugano 2021), at kalakhang Asya (2018). Liban sa mga ito, sinisimulan din ni Tugano ang pagdadalumat sa tinagurian niyang "Araling Pangmanlalakbay," na isang potensyal na bagong sublarangan ng Araling Kabanwahan (Tugano, w.t.).

Kung tutuusin, primatyur pa ang gawain ng eksposisyon ng kapantasan ni Navarro sa Araling Kabanwahan. Sa edad na apatnapu't anim, kasalukuyang nasa rurok si Navarro ng kanyang akademikong talambuhay. Marami pa siyang maaaring mailathala sa hinaharap, kaya naman ang kanyang kapantasan sa Araling Kabanwahan ay isang bukas na teksto na dadaan pa sa samu't saring pagbabago't pag-unlad. Kaya naman ang kasalukuyang eksposisyong ito ay preliminaryo pa lamang, at maaari pang dugtungan ng mas malalim na eksposisyon sa susunod na mga dekada. Liban kay Navarro, maaari ring magsagawa sa hinaharap ng eksposisyon sa iba pang mga pantas ng Araling Kabanwahan tulad na lamang ni Adonis Elumbre. Ang ganitong kaabalahan ay mahalaga para sa pagbubuo ng isang kasaysayang intelektuwal ng Araling Kabanwahan, na makapag-aambag naman sa pinapangarap ni Navarro na isang makatarungan, makatwiran, maunlad, at maginhawang kabanwahan.

## Sanggunian


Abejo, Raymund Arthur G. 2015. "Pag-uugat sa Kilusang Nasyonalista ng Korea: Isang Kritikal na Pag-aaral ng Silhak". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga patnugot, Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan, 336-350. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Alatas, Syed Farid, Vineeta Sinha. 2017. *Sociological Theory Beyond Canon*. London: Palgrave Macmillan.

Bayot, David Jonathan Y., Jaime Oscar M. Salazar, Johann Vladimir J. Espiritu. 2016. mga patnugot. *Bien! A Festschrift in Honor of National Artist Bienvenido L. Lumbera Volume 1.* Manila: De La Salle University (DLSU) Publishing House.

Candaliza-Gutierrez, Filomin. 2012. "Filipino Sociologist and Mentor: Professor Ricardo M. Zarco (1930-2011)". *Philippine Sociological Review* Tomo 60, Special Issue: Sociology of Deviance (Enero-Disyembre): 7-17.

Castro, Nestor. 2021. *Pagkilala sa mga Magpapalayok: Ang Kaso ng Palayukan sa Pasig, Araling Pasig* Bilang 2. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Claudio, Lisandro E. 2017. *Liberalism and the Postcolony: Thinking the State in 20th-Century Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Constantino, Renato. 1996. "Ang 1896 at ang Kamalayang Makabansa". Panayam na ginanap sa SEARCA Auditorium, University of the Philippines Los Baños, Laguna, Nobyembre 14.

De Joya, Preciosa Regina Ang. 2013. "In Search of Filipino Philosophy". Disertasyon (PhD Southeast Asian Studies), National University of Singapore, Singapore.

De Leon, Emmanuel. 2015. "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, SJ: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino". *Kritike* Tomo 9, Bilang 2 (Disyembre): 28-50.

De Leon, Emmanuel. 2019. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino.* Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Demeterio III, F.P.A. 2014. "Quito, Ceniza, Timbreza, Gripaldo: DLSU Professors' Contribution to Filipino Philosophy". *Φιλοσοφια: International Journal of Philosophy* Tomo 15, Bilang 2:180-208.

Elumbre, Adonis L. 2014. "Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 3, Bilang 1: 1-29.

Elumbre, Adonis L. 2015. “Lokalisasyon at Kabanwahan bilang mga Lapit sa Rehiyonalismo ng Timog Silangang Asya”. Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga patnugot, Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, 262-284. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Elumbre, Adonis L. 2020. “Discursive Experiments in Vernacularizing International Studies in the Philippines”. Nasa *International Studies in the Philippines: Mapping New Frontiers in Theory and Practice*, mga patnugot, Frances Antoinette Cruz at Nassef Manabilang Adiong, 102-120. London: Routledge.

Elumbre, Adonis L., Atoy M. Navarro. 2019. mga patnugot. *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan; Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Enriquez, Virgilio. 1982. “Towards Cross-Cultural Knowledge through Cross -Indigenous Methods and Perspective”. *Nasa Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, patnugot, Rogelia Pe-Pua, 120-130. Quezon City: University of the Philippines Press.

Gener, Timoteo D. 1998. “Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization”. Tesis Masterado (Master in Philosophical Foundations in Systematic Theology, Institute for Christian Studies, Toronto, Canada.

Gimenez-Maceda, Teresita, Amado Anthony G. Mendoza III, Galileo S. Zafra. 2020. mga patnugot. *Bien! Bien! Alagad ng Sining, Anak ng Bayan*. Quezon City: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas-UP Diliman at Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Gripaldo, Rolando. 1994. “Pagbabalik-tanaw sa Pilosopiya ng Rebolusyon ni Andres Bonifacio”. Nasa *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*, patnugot, Ferdinand Llanes. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.

Gripaldo, Rolando. 1998. “Manuel L. Quezon’s Political Philosophy”. *Σοφια: International Journal of Philosophy* Tomo 27 Bilang 1: 46-69.

Guiang, Francisco Jayme A. 2018. “History as Social Criticism: The Development of Renato Constantino’s Ideas Through an Analysis of

Selected Works, 1940-1992". Tesis Masterado (MA History), Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Quezon City.

Hila, Antonio. 2001. *The Historicism of Teodoro Agoncillo*. Manila: University of Sto. Tomas Publishing House.

Jens, Walter. 1989. *Pagguho ng Troya*, tagasalin, Zeus Salazar. Maynila: Kalikasan Press.

Jose, Mary Dorothy dL., Atoy M. Navarro, at Jerome A. Ong. 2021a. mga patnugot. *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan.* Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila.

Jose, Mary Dorothy dL., Atoy M. Navarro, Jerome A. Ong. 2021b. "Introduksyon: Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan sa Panahon ng Globalisasyon". Nasa Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro, at Jerome A. Ong, 1 -10. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines -Manila.

Limqueco, Peter. 1989. patnugot. *Partisan Scholarship: Essays in Honour of Renato Constantino.* Manila: Journal of Contemporary Asia Publishers.

Liwanag, Leslie Anne L., F.P.A. Demeterio III, Mary Irene Clare O. Deleña, Rodolfo V. Bagay, Jr. 2021. "Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino". *Social Ethics Society Journal of Applied Research* Tomo 7 (Mayo): 19-57.

Majul, Cesar Adib. 1960. *Mabini and the Philippine Revolution.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Marx Karl, Friedrich Engels. 2000. *Manifesto ng Partido Komunista,* tagasalin, Zeus A. Salazar. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Mendoza, S. Lily. 2015. "Pilipinang Akademiko sa Estados Unidos: Isang Pag -uulat mula sa Gumuguhong Imperyo". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga patnugot, Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, 380-397. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Miralao, Virginia A. 1999. "The Philippine Social Sciences in Balance:

Reflections at the Close of the Century". Nasa *The Philippine Social Sciences in the Life of the Nation, Volume 1: The History and Development of Social Science Disciplines in the Philippines*, pat., Virginia A. Miralao, 344-380. Quezon City: The Philippine Social Science Council.

Mojares, Resil B. 2006. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes, and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Mojares, Resil B. 2017. *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Navarro, Atoy M. 1997a. "Apolinario Mabini: Batangueñong Punong Ministro ng Pilipinas sa Panahon ng Himagsikan". *Sun Star Batangas* Tomo 33, Bilang 165 (Hunyo 16), 2-3.

Navarro, Atoy M. 1997b. "Historiograpiyang Pilipino: Pananaw, Pamamaraan at Pilosopiya ng Kasaysayan Ayon sa Klase sa Historiograpiya ni Dr. Salazar". Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga patnugot, Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, 171-183. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Navarro, Atoy M. 1997c. "Caneo, Malvar, Oruga: Tatlong Batangueñong Bayaning Nagtagpo sa Himagsikan". *Raniag* Tomo 2, Bilang 1 (Enero-Marso): 4-6.

Navarro, Atoy M. 1998. "Kabayanihan ng Kababaihan sa Kilusang Bayan (1896-1935)". *Review of Women's Studies* Tomo 8, Bilang 1 (Enero-Hunyo): 55-72.

Navarro, Atoy M. 1999a. "Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam". Nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan at Panlipunang Pagbabago*, patnugot, Maruja Asis, 135-153. Quezon City: UP CIDS at Scalabrini Migration Center.

Navarro, Atoy M. 1999b. "Kasaysayan at Talastasang Bayan sa Wikang Filipino: Sa Duyan ng Pagbubuo ng Inang Bayan, Bansa, at Sambayanan". *ADHIKA* Tomo 1: 25-52.

Navarro, Atoy M. 2000a. "Asintada: Kababaihan, Kasaysayan, at Panulaan sa Ngalan ng Ina; Rebyu ng Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas, 1889-1989 ni Lilia Quindoza-Santiago". *Social Science Diliman* Tomo 1, Bilang 1 (Enero-Hunyo): 134-140.

Navarro, Atoy M. 2000b. "Pagsasakasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan at Kaparaanan". Nasa *Filipino ang Wika; Pilipino ang Diwa,* pat., Roberto Javier Jr., 67-69. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Navarro, Atoy M. 2000c. *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan, Bagong Kasaysayan* Bilang 11. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Navarro, Atoy M. 2000d. "Dr. Noel Teodoro: Paham sa Pag-aaral ng Nusantara". *Balitang ADHIKA* Tomo 2, Bilang 2 (Nobyembre), 2.

Navarro, Atoy M. 2002. "Dr. Rowena Reyes-Boquiren: Pagpapakilala sa Bagong Pangulo". *Balitang ADHIKA* Tomo IV, Bilang 1 (Nobyembre): 1.

Navarro Atoy M. 2005. "Contributions to Kasaysayang Kabanwahan: Local Scholarship in the Filipino Language and the Study of Southeast Asia in the Philippines". Panayam na ginanap sa kumperensyang *Second Regional Workshop on Local Scholarship and the Study of Southeast Asia: Bridging the Past and the Present*, Jakarta, Indonesia, Hulyo 9.

Navarro, Atoy M. 2007a. "Bagong Kasaysayan and Kasaysayang Kabanwahan: Towards a National/People's Discourse on Historical Intercultural/International Studies". Panayam na ginanap sa kumperensyang *Fifth International Convention of Asia Scholars (ICAS) 5: Sharing a Future in Asia*, Kuala Lumpur, Malaysia, Agosto 5.

Navarro, Atoy M. 2007b. "Frequently Asked Questions: Sa Ngalan ng 'Paglaban sa Terorismo': Gerang Agresyon ni Bush at Represyon ng Estado ni GMA". Polyeto. Solidarity to Oppose Wars (Stop the War!) - Philippines at University of the Philippines (UP) Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA), Quezon City.

Navarro, Atoy M. 2008. "Frequently Asked Questions: Hinggil sa Okupasyon

ng Israel sa Lupaing Palestino". Polyeto, Solidarity to Oppose Wars (Stop the War!) - Philippines at University of the Philippines (UP) Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA), Quezon City.

Navarro, Atoy M. 2013. "Frequently Asked Questions: Pagdadala sa Tsina sa Arbitral Tribunal". Polyeto, Solidarity to Oppose Wars (Stop the War!) - Philippines at University of the Philippines (UP) Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA), Quezon City.

Navarro, Atoy M. 2010. "Kabayanihan ng Kababaihan sa Kolorum at Sakdal". Nasa *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro, 203-215. Quezon City: C&E Publishing, Inc.

Navarro, Atoy M. 2012a. "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 1, Bilang 2 (Setyembre).

Navarro, Atoy M. 2012b. "Dalawang 'Hari' ng Kapuluang Timog Silangang Asya Noong Dantaon 19: Panimulang Tala Kina Pangeran Diponegoro at Hermano Puli. Nasa *PULI: Paniniwala, Ugnayan, Lipunan, at mga Imahe sa Panahon ni Apolinario de la Cruz*, patnugot Ryan V. Palad, 107 -122. Tayabas: Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawang Nasaliksik.

Navarro, Atoy M. 2013a. "Ama ng Sikolohiyang Pilipino: Buhay at Kontribusyon ni Virgilio G. Enriquez". *DIWA E-Journal* Tomo 1, Bilang 1 (Nobyembre): 241-248.

Navarro, Atoy M. 2013b. "Enriquez, Virgilio". Nasa *The Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology; Volume I,* patnugot, Kenneth Keith, 487. Oxford: Wiley-Blackwell Publishing Ltd.

Navarro, Atoy M. 2013c. "Pe-Pua, Rogelia". Nasa *The Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology; Volume I,* patnugot, Kenneth Keith, 989-990. Oxford: Wiley-Blackwell Publishing Ltd.

Navarro, Atoy. 2015a. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong*

*ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat., Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan, 253-261. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Navarro, Atoy M. 2015b. "Kasalimuotan ng mga Pagkakakilanlan sa Timog Silangang Asya: Tungo sa Pagtatampok ng Taumbayan sa Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa Diwa ng Araling Kabanwahan". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 4, Bilang 2 (Nobyembre): 139 -146.

Navarro, Atoy M. 2015c. "Lakbay-Aral sa Polynesyang Pranses at Rapa Nui: Tungo sa Pagpapayabong ng Araling Kabanwahan at Araling Ibayong Timog Silangang Asya". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 4, Bilang 1 (Agosto):104-113.

Navarro, Atoy M. 2015d. "Ang Pagkain at Pagkapilipino sa Ibayong Dagat: Pagpopook at Pagsasakasaysayan sa mga Espasyong Pilipino sa Bangkok, Thailand". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat., Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, 285-313. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Navarro, Atoy M. 2015e. *Briccio Pantas at ang Katipunan sa Batangas, Bayaning Batangan* Bilang 1. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro, Atoy M. 2018. "Brindis para kay Nilo S. Ocampo: Pagpupugay sa Isang Natatanging Likasyan at Pangunahing Haligi ng Bagong Kasaysayan". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 7, Bilang 1 (Pebrero): 1-26.

Navarro, Atoy M. 2019a. "Academic and Professional Contributions of Cristina E. Torres". Nasa *Social Sciences, Health, and Ethics: Papers Celebrating Cristina E. Torres,* mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro, Jerome A. Ong, 3-6. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila.

Navarro, Atoy M. 2019b. "Pagpopook sa Pakikipagkapwa ng Etika ng Pananaliksik Pangkalusugan sa Pilipinas". Nasa *Social Sciences, Health, and Ethics: Papers Celebrating Cristina E. Torres*, mga patnugot, Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro at Jerome A. Ong, 109-126. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila.

Navarro, Atoy M. 2019c. "Ambag sa Araling Kabanwahan at Araling Pilipino -Thai: Mga Pananaliksik sa Ugnayang Pilipino-Thai". Nasa *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan, Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro, Atoy M. 2019d. "Si Zeus A. Salazar sa Kasaysayan ng Araling Kabanwahan". Isang panayam sa sampaksaang *Ang Ama ng Pantayong Pananaw at ang Kapantasang Pilipino: Isang Sampaksaan Para Kay Dr. Zeus A. Salazar* na ginanap sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa Manila, noong Oktubre 16.

Navarro, Atoy M. 2019e. "Pagpapakilala sa Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-bayan ng mga Likasyan". Nasa *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-bayan ng mga Likasyan*, mga patnugot, Adonis L. Elumbre at Atoy M. Navarro, 1-7. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro, Atoy M. 2019f. Personal na komunikasyon sa Facebook Messenger, Marso 24.

Navarro, Atoy M. 2019g. Personal na komunikasyon sa Facebook Messenger, Setyembre 17.

Navarro, Atoy M. 2021a. "Ang Kahalagahan ng Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Globalisasyon at Pandaigdigang Paglakas ng Malayong Kanan". Nasa *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan*, mga patnugot, Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro, at Jerome A. Ong, 119-142. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila.

Navarro, Atoy M. 2021b. "Araling Kabanwahan: Pagdedekolonisa, Pagsasakatutubo, at Pagdedemokratisa sa Araling Pang-Erya at Araling Internasyonal sa Pilipinas". Panayam na inorganisa ng Unibersidad ng Pilipinas-Manila, Abril 26.

Navarro, Atoy M. 2021c Abril 2, 2020, 21:55. *Facebook*. Matatagpuan sa https://bit.ly/3fEfNlZ. Sinangguni noong Agosto 2.

Navarro, Atoy M. 2021d. Personal na komunikasyon sa Facebook Messenger, Pebrero 8.

Navarro, Atoy M. 2021e. Personal na komunikasyon sa Facebook Messenger, Hulyo 20-24, at Agosto 1-2, 8.

Navarro, Atoy M., Adonis Elumbre. 2011. "Labindalawang Taon ng Makakaliwang Grupong Party-list sa Kongresong Pilipino: Preliminaryong Pag-aaral sa Panlehislatibong Rekord ng AKBAYAN at MAKABAYAN". *Philippine Social Sciences Review* Tomo 63, Bilang 1 (Enero-Hunyo): 65-92.

Navarro, Atoy M., Adonis L. Elumbre. 2012. "Pagpapahalaga kay Prop. Dr. Reynaldo C. Ileto: Paham sa Araling Timog Silangang Asya". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 1, Bilang 2 (Setyembre): 189-199.

Navarro, Atoy M., Adonis Elumbre. 2014. "Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 3, Bilang 2 (Nobyembre): 238-258.

Navarro, Atoy M., Adonis Elumbre. 2019. "Muling Pagtanaw sa Konsepto ng Pagkalalaki: Pagkatao at Seksuwalidad sa Loob at Labas ng Pilipinas". Nasa *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino; Bolyum 2: Gamit*, pat. Rogelia Pe-Pua, 163-184. Quezon City: University of the Philippines Press.

Navarro, Atoy M., Alvin Campomanes. 2018. "Mapanuring Pagsasaling Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 7, Bilang 2 (Mayo): 83-149.

Navarro, Atoy M., Alwin Aguirre. 2017. mga patnugot. *Diwa E-Journal* Tomo 5: Mga Pagpapahalaga at Sikolohiyang Pilipino (Nobyembre).

Navarro, Atoy M., Carlos P. Tatel Jr. 2012. "Sa Labas ng mga Bahay/Pinagtatrabahuhan: Mga Espasyo ng mga Migranteng Pinoy sa Urbanisadong Landskeyp ng Singapore, Lalo na sa Lucky Plaza Mall". *Dalumat E Journal* Tomo 3, Bilang 2, 126-140.

Navarro, Atoy M., Dwight David Diestro, at Ryan Palad. 2001. mga patnugot. *Hermano Puli sa Kasaysayan.* Quezon City at Tayabas: Hermano Puli Memorial Committee, Limbagang Pangkasaysayan, at Tayabas Publication.

Navarro, Atoy M., Flordeliza Lagbao-Bolante. 2007. mga patnugot. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino,*

*Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. Quezon City: C & E Publishing, Inc.

Navarro, Atoy M., Jayson Petras, Maria Theresa Ujano-Batangan. 2013. "Pambungad ng mga Patnugot: Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino". *DIWA E-Journal* Tomo 1, Bilang 1: Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino (Nobyembre): 1-20.

Navarro, Atoy M., Ma. Florina Orillos-Juan, Janet S. Reguindin, at Adonis L. Elumbre. 2012. mga patnugot. *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro Atoy M., Mary Dorothy dL. Jose. 2010. "Kabayanihan ng Kababaihan sa HUKBALAHAP at HMB". Nasa *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro, 217-241. Quezon City: C&E Publishing, Inc.

Navarro, Atoy M., Mary Dorothy dL. Jose. 2014. "Oriang: Lakambini ng Himagsikan". *Historical Bulletin* Tomo 48: 49-68.

Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. 1997. mga patnugot. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Navarro, Atoy M., Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan. 2015. mga patnugot. *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Navarro, Atoy M., Patricza Andrhea Braganza. 2017. "Marina Dizon: Mutya ng Katipunan". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 6, Bilang 2 (Nobyembre): 155-174.

Navarro, Atoy M., Ramon Guillermo, Mary Jane Rodriguez. 1998. "Pag-iibigan sa Katipunan: Isang Paglingon sa Panitikan ng Himagsikan". Nasa *Wika, Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga pat., Atoy M. Navarro at Raymund Arthur Abejo, 93-107. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Olenin, A., V. Makarenko. 1985. *Ang Unyong Sobyet at ang Pilipinas.* Manila: Novosti Press Agency.

Palad Ryan, Atoy M. Navarro. 1998. mga patnugot. *Tayabas: Pagmumulat sa*

*Kasaysayan, Himagsikan, at Sentenaryo.* Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Paluga, Myfel Joseph D. 2012. "Mga Prehistorikong Pamayanan sa Indo-Pasipiko: Rebyu ng mga Pag-aaral sa Ilang Austronesyanong Chiefdom". *SALIKSIK E-Journal* Tomo 1 Bilang 2: 33-77.

Pe-Pua, Rogelia. 2005. *Kros-Katutubong Perspektibo sa Metodolohiya: Ang Karanasan ng Pilipinas, Binhi Tomo 2, Bilang 1.* Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Pe-Pua, Rogelia. 2015. "Asawa, Ina, at Katulong: Ang Tatluhang Papel ng mga Domestikong Manggagawang Pilipino sa España at Italya". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar,* mga patnugot, Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, 351-379. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Pe-Pua, Rogelia. 2020. "From Indigenous Psychologies to Cross-Indigenous Psychology—Prospects for a 'Genuine, Global Human Psychology'". Nasa *Global Psychology from Indigenous Perspectives: Visions Inspired by K.S. Yang*, mga patnugot, Louise Sundararajan, Kwang-Kuo Hwang, Kuang Hui Yeh, 189-223. Switzerland: Palgrave Macmillan.

Pineda-Ofreneo, Rosalinda. 2001. *Renato Constantino: A Life Revisited.* Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Que, Nemesio S., Agustin Martin G. Rodriguez. 1997. mga patnugot. *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols. S.J.* Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.

Reyes, Portia L. 2011. *Panahon at Pagsasalaysay ni Pedro Paterno, 1858–1911: Isang Pag-aaral sa Intelektwalismo*. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2015. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya: Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino." Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar,* mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel, Vicente Villan, 140-160. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. 2020. *Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino, Bagong Kasaysayan Bilang 15.* Bagong Kasaysayan Inc.

Roldan, Andrea. 2018. "The Gospel in the Filipino Context: Jose M. de Mesa and Melba Padilla Maggay". *Mission Round Table* Tomo 13, Bilang 1 (Enero-Abril): 24-30.

Salazar, Zeus A. 1998. *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc.

Salazar, Zeus A. 2001. *Mga Tula ng Pag-iral at Pakikibaka: Salin at Akda*. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Salazar, Zeus A. 2006. *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Salazar, Zeus A., Atoy M. Navarro, Sharon M. Maminta, at Lars Raymund C. Ubaldo. 2010. *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc.

Salazar, Zeus A., Edward Yulo, Atoy M. Navarro. 1995. *Talaarawan 1996; Handog sa Sentenaryo; Himagsikang 1896.* Quezon City: Miranda Bookstore.

Salazar, Zeus A. Edward Yulo, Atoy M. Navarro. 1996. *Talaarawan 1997; Digma ng mga Anak ng Bayan; Himagsikang 1897.* Mandaluyong City: Palimbagang Kalawakan.

Salazar, Zeus A., Wilfredo E. Tamayo, Jaime B. Veneracion, Elizabeth A. Pastores. 1981. *Kabihasnang Asyano: Isang Pangkasaysayang Introduksyon*. Mandaluyong: Cacho Publishing House Inc.

Samson, Laura, Ruby Alcantara, Monico Atienza, Nilo Ocampo. 1994. *Patricia Melendrez-Cruz: Filipinong Pananaw sa Wika, Panitikan, at Kultura*. Quezon City: University of the Philippines College of Social Sciences and Philosophy Publications at University of the Philippines Press.

Santos, Mark Joseph P. "Paunang Salita". 2019a. Nasa *Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus A. Salazar*, mga patnugot, Audrey Stephanie L. Quibot, Paula Louise L. Monilla,

Alexander P. Asumbrado, Aira Lei L. Nunag, xi-xx. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc.

Santos, Mark Joseph P. 2019b. “Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019”. *TALA* Tomo 2, Bilang 2 (Disyembre): 46-92.

Santos, Mark Joseph P. 2020. “Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano”. *TALA* Tomo 3, Bilang 2 (Disyembre): 1-30.

Santos, Mark Joseph P. 2021. “Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino ni Emmanuel de Leon”. *DALUMAT* Tomo 7, Bilang 1: 79-83.

Spengler, Oswald. 1975. “Ang Pag-aaral ng Kasaysayang Pandaigdig”. Tagasalin, Zeus A. Salazar. Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, patnugot, Zeus A. Salazar, 38-57. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Tano, Rodrigo D. 1981. *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology*. Quezon City: New Day Publishers.

Tesoro, Dindo Rei, Joselito Alviar Jose. 2004. *The Rise of Filipino Theology*. Pasay City: Paulines Publishing House.

Tigno, Jorge. 2018. patnugot. *Twentieth-Century Philippine Political Thinkers: Selected Readings*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Tugano, Axle Christien J. 2018. “Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa”. *TALA* Tomo 1, Bilang 2 (Disyembre): 57-75.

Tugano, Axle Christien J. 2019. “Ugnayang Tsino’t Pilipino sa Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas”. *TALA* Tomo 2, Bilang 1 (Hunyo): 66-83.

Tugano, Axle Christien J. 2020. “Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino”. *TALA* Tomo

3, Bilang 2 (Disyembre): 119-136.

Tugano, Axle Christien J. 2021. "Panimulang Pagbabalangkas sa Ugnayan/ Pagkaka-Ugnay ng Panlasang Kapilipinuhan sa mga Piling Pagkaing Natikman sa Ibayong Dagat ng Timog Silangang Asya", *TALA* Tomo 4, Bilang 1: 1-45.

Tugano, Axle Christien J. w.t. "Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan: Isang Panimulang Pagdadalumat". 'Di-limbag na manuskrito.

Veric, Charlie Samuya. 2006. patnugot, *Anticipating Filipinas: Reading Bienvenido Lumbera as Critic*. Manila: University of Sto. Tomas Publishing House.

Veric, Charlie Samuya. 2020. *Children of the Postcolony: Filipino Intellectuals and Decolonization, 1946-1972.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Victoria, Ferdinand Philip F. 2015. "Panimulang Implementasyon ng mga Pilipinong Batas sa Overseas Absentee Voting at Dual Citizenship sa New South Wales, Australya at New Caledonia, 2003-2008". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar,* mga patnugot, Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, 314-335. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Yarbrough, Robert W. 2011. "New Testament Studies in Europe." Nasa *Understanding the Times: New Testament Studies in the 21st Century. Essays in Honor of D.A. Carson on the Occasion of His 65th Birthday*, mga patnugot, Andreas J. Kostenberger at Robert W. Yarbrough, 324-348. Wheaton, Illinois: Crossway.

Yefimov, Dimitri. 1985. *Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang Tadhana ng mga Asyano at Aprikano*. Manila: Novosti Press Agency.